



Phallikong Simbolismo sa mga Terestriyal at Aquatikong Hayop sa Kapaligirang Pilipino

Phallic Symbolism of Terrestrial and Aquatic Animals in the Philippine Environment

Axle Christien J. Tugano

Departamento ng Wika, Kultura, at Kasaysayan

Dalubhasaang Politekniko ng Lungsod ng Baliwag, Bulacan

DOI: <https://doi.org/10.70922/hkfdhp65>

[Submit to this journal](#) 

[Other related articles](#) 

Announcements

[Other PUP Journals](#) 

Other citation formats:

Article History:

Received: June 9, 2025

Accepted: October 2, 2025

How to Cite this paper:

Tugano, A. C. J. (2025). Phallikong simbolismo sa mga terestriyal at aquatikong hayop sa kapaligirang Pilipino. *Social Sciences and Development Review*, 17(2), 223-277. <https://doi.org/10.70922/hkfdhp65>

Please contact the publisher for any further use of this work at socialsciencesreview@pup.edu.ph.

**Phallikong Simbolismo sa mga Terestriyal at
Aquatikong Hayop sa Kapaligirang Pilipino**

***Phallic Symbolism of Terrestrial and Aquatic Animals
in the Philippine Environment***

Axle Christien J. Tugano

Departamento ng Wika, Kultura, at Kasaysayan
Dalubhasaang Politekniko ng Lungsod ng Baliwag, Bulacan

ABSTRAK

Tatalakayin sa pananaliksik na ito ang layuning mabuksan ang somatikong pag-aaral ng katawan at pangangatawan ng mga Pilipino na nakatuon sa *genitalia* (butò, titi, *phallus*, o *penis*) sa unang banda at pagpapahalaga sa kapaligirang Pilipino na nakatuon sa mga hayop (*fauna*) sa kabilang dako. Sa ilang pagkakataon, hindi lamang sa lipunang Pilipino, ngunit maging sa mga kaugnay na kabihasan, itinutumbas sa *genitalia* ang mga hayop bilang simbolo para rito. Gayumpaman, bagama't ginagamit din ito sa komunikasyon at pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino, hindi pa ito gaanong napalalalim sa kultural na pagsisiyasat. Itatampok sa pag-aaral na ito ang mga terestriyal na hayop katulad ng mga ibon, aquatikong mga isda at trepang (*sea cucumber*), at semi-aquatikong mga buwaya at ahas na sa maraming pagkakataon, itinumbas at/o binigyan ng phallikong simbolismo. Kakasangkapin dito ang pagkiling sa salaysaying bayan sa Pilipinas habang sinusugan ng iba pang kaalaman buhat sa mga kaugnay na kabihasan upang patotohanan ang direktang kaugnayan at/o pag-uugnay sa mga hayop at *genitalia*.

Mga susing salita: *katawan at kahulugan, somatikong lipunan, genitalia, kapaligiran*

ABSTRACT

This research aims to explore the somatic study of the Filipino body, with particular attention to the *genitalia* (butò, titi, *phallus*, or *penis*), while concurrently examining the cultural perception of the Filipino environment, specifically focusing on fauna. In various societies, including Filipino culture, animals have often been symbolically associated with *genitalia*. Despite this, the use of such symbolism in daily communication and cultural expressions

remains underexplored in academic discourse. This study will examine a range of terrestrial animals, including birds, aquatic species such as fish and *tre pang* (sea cucumber), and semi-aquatic creatures like crocodiles and snakes, which have frequently been attributed phallic symbolism. Additionally, the research will integrate insights from folk narratives and draw upon comparative cultural knowledge from other society to substantiate the symbolic and associative relationship between animals and genitalia.

Keywords: *body and meaning, somatic society, genitalia, environment*

INTRODUKSIYON

Pinatutungkulan ng somatikong lipunan ang isang pag-aaral ukol sa kahulugan at/o pagpapakahulugan sa katawan at pangangatawan sa lente ng kultural at politikal na lapit (Turner, 1992). Sa mga nakaraang dekada ng teoretisasyon, madalas pinagkaabalahan ang pagdalumat sa “pagkataong Pilipino” na impluwensiyal sa akda ukol sa metapora ng banga ni Covar (1993/2015). Nakapaghain siya ng tila-somatikong pagpapakahulugan sa ibang bahagi ng katawan katulad ng dibdib, puso, sikmura, atay, bituka, at tiyan (Covar, 1993/2015). Gayumpaman, binigyan pa rin ang eskema ng *pagkataong Pilipino* ng ilang kritisismo (Guillermo, 2009) at karagdagang pag-unlad sa ikasusulong ng taksonomiya ng “pagkataong Pilipino” (Villan, 2013). Naipako ang “pagkatao” at “katawang” Pilipino sa kinasanayang pagtingin dito bilang lunsaran ng *loob* (Miranda, 1988/2003; Alejo, 1990) at *labas* (Arriola, 1993; Tan *et al.*, 2010) o di kaya’y *diwang sumasakatawan* (Jose & Navarro, 2004/2010). Bagama’t pinag-aralan ang katawan ngunit hindi gaano ang kahubaran nito. Habang pinagkaabalahan ang sartoryal (Coo, 2019) o kultura ng pagsasaplot o pagdadamit (Villan, 2024), kailangan ding mabigyan ng diskurso ang kahubaran lalo pa’t ito ang namamagitan sa *loob* at *labas* ng katawan at pagkataong Pilipino. Sa pag-aaral na ito, binigyan ng kahulugan ang *kahubaran* bilang isang larawan ng katawang walang damit at/o saplot, samakatuwid, maaaring makita rito ang mga “kaselanan” katulad ng *genitalia*.

Layunin ng pag-aaral na tingnan ang kahulugan ng *genitalia* katulad ng butò¹ (titi, *phallus*, o *penis*) ng katawang lalaki at puki ng katawang babae. Habang itatambal ito sa pagpapahalaga sa kapaligirang Pilipino. Malinaw na ang kasalukuyang pag-aaral na ito ay umaambag sa *Araling Pangkapaligiran* na isang sub-disiplina ng *Bagong Kasaysayan* ng

¹ Bagama’t karaniwang ginagamit ang titi, ipinanukala ng aking tesis masterado (Tugano, 2025a) at mga unang pag-aaral (Tugano, 2025b, 2025c) na ang Proto-Malayo-Polynesian (PMP) **butuq*, **lasuq*, at **qutin* ang silang pinagmulan ng mga kaugnay na salita para sa *genitalia* ng lalaki. Ito ay mula sa Proto-Austronesian (PAN) **buCuq* at **qutiN*. Pinakalaganap ang **butuq* at mga kaugnay na salita sa wikang Austronesyano at sa mga wika sa Pilipinas (Tugano, 2025c).

Pantayong Pananaw. Ayon kay Orillos-Juan (2016), ang *Araling Pangkapaligiran* ay “tumutuon sa masalimuot na ugnayan ng tao at kapaligiran, likás man o di-likás na malayang gumagamit ng pamamaraan at pananaw batay sa kinabibilangang disiplina (pp. 4-5).” Dahil layunin din nito ang interdisiplinaryong lapit, nasasalamin sa pag-aaral ang kompleks na paggamit sa iba’t ibang disiplina katulad ng kasaysayan, antropolohiya, *area studies*, panitikan, at mga kaugnay. Liban sa katawan at kahubaran, sentral din sa usaping ito ang kapaligiran. Ayon kay Navarro (2008), ang kapaligiran ay “mga bagay (katutubo, likás, o taal sa daigdig) o di kaya’y mga katangiang geolohiko at geograpiiko na sumasaklaw sa mga likás na yaman o topograpiya, klima, at maging mga halaman at hayop (p. 3).”

Korelatibo ang ugnayan ng katawan at kapaligiran. Kapwa ito nakapagbibigay ng kahulugan na ayon nga kay Fredengren (2013), ang katawan ay isang *transcorporeal vector* na hindi kailanman maiwawalay sa materya ng kapaligiran at kalikasan (p. 53). Ayon naman kay Byrnes (2022), “*bodies tell stories* (p. 242),” samakatuwid, mailalapat kung gayon ang ganitong penomeno ng pagpapakahulugan sa katawang Pilipino. Halimbawa, ang kuweba bilang isang *primal womb* ay kalimitang tinatawag na “puki o matris ng daigdig” (Mojares, 2002/2018, p. 7; Frigoli, 2013, p. 2; Viviani, 2021, p. 3); ang ilog bilang ugat (*veins*); ang bulkan ay mayroong bunganga; may likod at paa ang bundok; pusod ng dagat; mata ng bagyo at/o mata ng bulalakaw; ang apoy ay dumidila; mukha ng buwan; kuko ng liwanag; at malamang may bibig at ngipin ang dilim (kagat ng dilim); luha at iyak ng langit; may tainga ang lupa [mula sa may pakpak ang balita]; puso ng kagubatan; at marami pang iba. Kaya’t hindi nakapagtataka kung bakit maaari ring mayroong *genitalia* ang kalikasan at kapaligirang Pilipino (Tugano, 2025f). Sa kasong ito, nililimitahan ng aking pag-aaral ang ugnayan ng simbolismo ng butò sa mga piling hayop sa kalinangang Pilipino yamang ang hayop ay isa ring bahagi ng kapaligiran (Navarro, 2008).

Sa ilang pagkakataon at ilang lipunan sa daigdig, pinag-uugnay ang ilang hayop at *genitalia* bilang mga simbolo ngunit sa kaso ng mga Pilipino, hindi pa talaga ito gaanong napalalawig. Inspirasyon ng pag-aaral na ito ang mga naunang Kanluraning akdang (Howard, 1909; Eilberg-Schwartz, 1994; Danielou, 1995; Scott, 1996; Pattanaik, 2008/2015) tumalakay sa malawak na ugnayan ng *genitalia* at kapaligiran, bagaman ang lahat ng ito ay sentral na tumuon sa aspektong pananampalataya at sinaunang relihiyon.

Tinutulan ni Howard (1909) sa *Sex Worship: An Exposition of the Phallic Origin of Religion* ang limitadong pag-uugnay ng mga sinaunang relihiyon sa phallikong pinagmulan ng mga pananampalataya. Malinaw para sa mga hinalimbawang relihiyon sa Ehipto, Griyego, at Hindu (Howard, 1909); sinaunang Mesopotamia at Aprika (Scott, 1996), at ang malawak na mundong Hinduismo na binihag ng paniniwala kay Shiva (Pattanaik, 2008/2015), ang phallikong halaga sa ugnayan ng kapangyarihan at paglikha. Ganito rin ang naging tindig ni

Eilberg-Schwartz (1994) sa relihiyong Judaismo sa akdang *God's Phallus and Other Problems for Men and Monotheism*. Hindi katulad ng mga relihiyong tinalakay ni Howard (1909), walang imahen ang Diyos ng Judaismo ngunit makikitaan pa rin ang mga banal na kasulatan ng relihiyong ito ng seksuwal na salita. Simbolikal na tiningnan ni Daniélou (1995) sa kaniyang *The Phallus: Sacred Symbol of Male Creative Power* ang kahulugan ng butò mula prehistorikong Europa at kagyat na pagkilala sa kabihasnang Indiano. Samantala, ang ikalawang bahagi ay tungkol naman sa representasyon ng butò sa ilang lthyphallikong Diyos at ilang kulturang materyal sa kabihasnang Europa at Near East.

Kapansin-pansin na napagtagumpayan ng mga pag-aaral na kasangkapin ang halaga ng salaysaying bayan. Makikita rin dito ang pag-uugnay ng mga salaysaying bayan kaugnay ng butò at kung papaano ito tiningnan at binigyan ng kahulugan sa kasalukuyang panahon. Pumoposisyon naman ang pag-aaral na ito sa kambal na pagdalumat ng somatiko at ekolohikal na katangian ng kapaligirang Pilipino.

Idiniin muli ni Covar (1998) na ang buhay ng mga Pilipino ay naisisilid sa salik ng kalikasan (likas) at likha. Para sa kaniya, ang likas ay mga pisikal na kapaligirang binubuo ng mga hayop, halaman, at kapaligirang nakasalalay sa lupa, hangin, at tubig (Covar, 1998, p. 71). Samantala, ang mga likha ay “gawa ng tao” na nasa kayarian ng mga kultura, paniniwala, at samot-saring pananampalataya (Covar, 1998, p. 71). Sa madaling salita, ang mga hayop, ito man ay terestriyal o aquatiko ay bahagi ng kalikasan (likas) samantalang ang phallikong simbolismo dito ay bahagi ng kahulugang paglikha at guning-diwa ng mga katutubo.

SULIRANIN AT METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Hindi layunin ng pag-aaral na isulong at/o igiit ang simbolismo ng butò sa patriyarkal nitong pananaw. Sa halip, gamit ang mga salaysaying bayan, titingnan kung paano nabibigyan ng halaga ang butò bilang substansiyal na bahagi ng katawang Pilipino. Sa katunayan, ipinanukala ng aking ilang kaugnay na pag-aaral ang talaban ng butò at puki (Tugano, 2025e) nang sa gayon ay mabigyan ng katarungan ang hindi pantay na pagtingin sa kasarian at seksuwalidad. Masasalamain ang pagsiil ng kolonyalismo sa ganitong usapin (Tugano, 2025b) na siyang pinatingkad ng ilang machismong pananaw, *toxic masculinity*, at *performative male* na katulad ni Rodrigo Duterte na kinasangkapan ang kaniyang butò sa karahasan, impunidad, at anti-kababaihang talumpati (tingnan Tugano & Santos, 2022; Tugano, 2024). Samakatuwid, pumoposisyon ang pananaliksik na ito upang muling ibangon ang makatarungan at kultural na pagkakasalig sa simbolismo ng butò sa ating lipunan.

Umiikot sa tatlong sentral na katanungan ang pag-aaral na ito:

1. Anu-anong hayop ang karaniwang iniwawangis sa katangian ng isang butò?
2. Paano ito nabibigyan ng kultural na kahulugan sa kalinangan ng ilang Pilipino?
3. Anong mga kaugnay na pamayanan ng Pilipinas ang may katulad na pagtutumbas at/o pagpapakahulugan sa hayop bilang butò?

Gagamitin sa pag-aaral ang pagdulog at pagpapahalaga sa salaysaying bayan o paggamit sa mga di-kombensiyonal na batis sa kasaysayan. Siniil ng ilang positibista-empirisismong pag-aaral ang ganitong kaalaman gayong ayon kay Villan (2020), “ang salaysaying bayan ay pansambayanang naratibo, kuwento, at pahayag na inilakip, inihabi, at iginigiit sa naroon na, nakaimbak sa, at likas na nakahabi sa lahat ng anyo o uri ng ekspresibong kultura na tinatawag natin sa teknikal na categoryang pamanang-lahi (p. 250).” Kabilang sa mga sinuring salaysaying bayan ay hango sa mga limbag na etnograpihong pag-aaral, kompilasyon, mga dyornal, at mga kaugnay na literatura at dokumento. Gayumpaman, hindi lamang ito isang simpleng pagtatala at/o pagsasarbey ng mga salaysaying bayan. Bagkus, nilayon din nitong pag-ugnayin ang kalinangang Pilipino at kaugnay na bayan at/o kabihasanan. Dito papasok ang halaga ng *Araling Kabanwahan* bilang paraan ng pag-uugnay sa kabihasanan ng Pilipinas at mga kaugnay nitong pamayanan (Navarro, 2012). Laganap sa Austronesyano ang *banwa* at mga kogneyt nito bilang yunit ng pamayanan, lupa, teritoryo, at bansa pa nga (Navarro, 2012). Dagdag pa ni Navarro (2021), layunin ng *Araling Kabanwahan* na tumupad na pag-aralan hindi lamang ng mga “banwa bilang kapwa/kaugnay na bayan o kabihasanan at/o ibang bayan o kabihasanan ngunit isang kabanwahan bilang ugnayan ng mga bayan at kabihasanan sa loob ng talastasang Pilipino (pp. 121-122).”

Hindi na bago ang aking pananangkapan sa *Araling Kabanwahan* bilang teoretikal na batayan upang pag-aralan ang simbolismo ng butò. Nagamit ito upang tingnan ang umiiral na talaban ng butò at puki sa mga salaysaying bayan ng mga Pilipino at kaugnay na bayan at/o kabihasanan (Tugano, 2025e); diakronikong lingguwistika ng butò (Tugano, 2025c); at simbolismo ng butò sa mga agrikultural na pamumuhay ng mga Pilipino (Tugano, 2025f).

Sa pagkakataon namang ito, tatalakayin ng artikulo ang simbolismo ng butò sa mga terestriyal at aquatikong hayop na makikita sa kapaligirang Pilipino.

Hayop sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino: Mga Kaugnay na Literatura

Sa mga nagdaang dekada, umalpas na sa disiplina ng *veterinary*, *taxonomy*, *zoology*, *biology*, at *mammalogy* ang pag-aaral tungkol sa mga hayop. Habang isinasaalang-alang ang simbayotikong ugnayan ng hayop-kapaligiran-at-tao, ibinaling naman ng agham panlipunan at iba pang kaugnay na disiplina ang pagsipat sa mga kahulugan at kabuluhan ng hayop sa kultural at historikal na perspektiba.

Katulad ng ilang arkeolohikal na pag-aaral kaugnay ng hayop (Amano *et al.*, 2013), nagtaas ng kapantasan ang School of Archaeology ng UP Diliman hinggil sa ganitong mga uri ng pananaliksik. Halimbawa, itinindig sa pag-aaral nina Reyes & Canilao (2021) ang ideya ng eksotaksonomi o “taal na pag-uuri at/o pagkaklasipika” (p. 31) sa mga hayop. Kanilang isinangkot sa pagsusuri ang mga piling grupo sa Pilipinas. Mahalaga para sa kanila ang eksotaksonomi na noon ay kilala bilang *folk taxonomy* upang makita ang presensiya ng mga hayop sa katutubong kapaligiran ng mga Pilipino. Sa ngayon, may proyekto ang paaralan hinggil sa “Zooarchaeology of the Galleon Trade” sa pangunguna ni Juan Rofes. Tungkol ito sa pagsasaliksik sa mga hayop na naging kabahagi ng Kalakalang Galyon (1565-1815) (U.P. Diliman School of Archaeology, n.d.).

Bagama’t pinagyayaman pa rin ang kultural at historikal na pag-aaral ukol sa mga hayop sa Pilipinas, mahalagang banggitin at kilalanin ang mga nag-ambag sa nasabing larang. Una na rito ang labinwalong pag-aaral na nakapaloob sa *A Century of Veterinary Medicine in the Philippines, 1898-1998* (Manuel *et al.*, 2002), patungkol sa kasaysayang institusyonal ng mga pagamutang nangangalaga sa mga hayop. Para sa *mammalia*, sinaliksik ni Ludovice (2019) ang kasaysayan ng kalabaw noong dantaon 19 na malao’y ilalapat sa kultural na halaga sa anyo ng mga pestibal (del Rosario, 2022; del Rosario, *et al.*, 2022). Naipasok din ang kasaysayan ng aso sa Pilipinas (dela Cruz, 2019; Costelo, 2021; Ludovice, 2021 sinipi sa Alfonso, 2023, p. lviii; Melencio, 2014); daga (Abinales, 2012); kabayo (Bankoff *et al.*, 2007; Ortuoste, 2023); baboy (Remme, 2014; Laugrand *et al.*, 2021; Rosales, 2021; Lingao *et al.*, 2025); at mga hayop na inangkat mula sa Kenya, Aprika upang ilipat sa Calauit, Palawan noong 1977—impala, giraffe, zebra, waterbuck, bushbuck, eland, gazelle, at topi (Villapa, 2016, p. 175). Tinalakay din sa ilang pag-aaral ang epidemiya, salot, at sakit ng at/o dulot ng mga hayop (Topacio, 1935; dela Cruz, 2006; Dery, 2006 sinipi sa Alfonso, 2023, p. lxi; dela Cruz, 2016; de Leon-Bolinao & Ambrosio, 2016; Pawilen, 2022) sa lenteng historikal.

May ilang pag-aaral ang umatupag sa histo-kultural na saysay ng reptilya sa kalinangang Pilipino. Sa tesis masterado ni Reyes (2010), kaniyang tinalakay ang ilang reptilyang may malalim na simbolismo sa kamatayan at buhay ng sinaunang Romblon. Kamukha ito ng pag-aaral ni Salazar (2004) ukol sa tapayang libingan ng Libmanan, Camarines Sur na may pagbanggit sa pagong, usa, at ahas bilang mga simbolo. Pinalawig sa ibang pag-aaral ang kasaysayan ng buwaya (der Ploeg *et al.*, 2011; Gaillard, 2023).

Naipasok na rin ang mga insekto at *arachnids* sa lente ng kasaysayan. Inatupag ni Orillos-Juan (2006, 2012, 2017) ang kasaysayan ng lipunang Pilipino sa ilalim ng pamemeste ng balang o *locust*. Gayundin sina Atienza-Macaraeg & Resos (2023) na bagaman hindi eksklusibong pagtalakay sa mga lamok, itinampok naman ang karanasan ng Maynila sa paglaganap ng dengue. Iniugnay naman ni Matejowsky (2003) ang gagamba bilang

kasangkapan ng libangan at larong Pilipino. Mga libangan kaugnay ng toro (*bull fighting*) ang naging tuon ni Vibal (2022). Samantala, liban kay Remetir (2023) na tumalakay sa *aquaculture* noong dekada 1970, may ilang akda na nasa wikang F/Pilipino ang tumalakay sa mga *specie* ng isda sa Pilipinas (Peralta *et al.*, 1998; KWF, 2011).

Binigyang-tinig din sa ilang pananaliksik ang mga ibon (Urriza, 2022). Bagama't tampok ang manok sa mga libangan katulad ng sabong (Yraola, 1978; Bolata, 2017, 2019), iniugnay naman ito ni Lasco (2011, 2015) kasama ng iba pang ibon bilang mahahalagang hayop sa kosmolohiyang Austronesyano at kung paano ito maiugnay sa Rapa Nui at Polynesyang Pranses. Tinalakay naman ni Llanes (2021) ang ilang malalayang ibon ng Sierra Madre at ang mga ibon sa katimugang bahagi noong panahong kolonyal (Llanes, 2024, 2025).

Hitik din ang ilang pag-aaral sa kaugnayan ng mga hayop at sinaunang paniniwala. Katulad nina Ambrosio (2010) at Eslit (2023) na pawang hitik ang pag-aaral ukol sa mga mitikal na ahas, naga, at bakunawa, at dragon, ito rin ang naging tuon nina Mahinay & Latras (2019) nang kanilang talakayin ang mga sagradong hayop kaugnay ng mga diyos at diyosa ng mga sinaunang Bisaya. May gumamit din ng lenteng etnozoolohikal upang aralin ang kultura ng pagkain (Cablaio *et al.*, 2025) at katutubong panggagamot (Gomez *et al.*, 2021; Collado *et al.*, 2022). Itinuon naman ng artikulo ni Callao (n.d.) ang representasyon sa *media landscape* ng *Philippine saltwater crocodile*, butanding (*whale shark*), at *Philippine eagle*.

Pumoposisyon naman ang aking pag-aaral sa karagdagang ambag na tatalakay sa ilang hayop sa Pilipinas. Hindi ito ang unang beses na makapagsulat ako na mayroong kinalaman sa *fauna*. Una akong nakapagtala ng ilang *specie* ng isda at iba pang hayop na aking naobserbahan sa Brunei Darussalam, Vietnam, at Myanmar (Tugano, 2021). Liban sa pagsusuri sa isang akdang pambata (Tugano, 2023, pp. 131-133), tinalakay sa isa pang pag-aaral (Tugano, 2025d) ang isang anotasyon sa mga hayop at halaman na nakita at/o naitala ni Jose Rizal at iba pang Europeong naglakbay sa Sandakan noong dantaon 19 hanggang dantaon 20. Pauunlarin lalo ito sa isa ko pang pag-aaral (Tugano, 2025g). Personal kong narating ang *Sungai Kinabatangan* (Ilog Kinabatangan) sa Sandakan, Borneo at mula roon ay nakapagsulat ng mga pananaliksik na nagtampok sa mga hayop at halaman na makikita sa nasabing kagubatan.

Kaya't sa pagkakataong ito, iuugnay ko naman ang phallikong simbolismo sa mga piling terestriyal at aquatikong hayop sa Pilipinas bilang ambag sa somatikong pag-aaral ng katawan sa unang banda at bilang pagpapahalaga sa kapitaligirang Pilipino sa kabilang dako.

Hayop bilang Simbolo ng butò

Ang hayop ay isang halimbawa rin ng kulturang materyal (Alves & Barboza, 2017). Sa iba’t ibang lipunan sa daigdig, malawakang ginamit ang mga hayop bilang euphemismo para sa butò. Ito ay upang pagtakpan o kung hindi man, “pahinayin” ang intensidad ng tinurang “kabastusan,” isang konseptong nilikha ng lipunan. Karaniwan itong ginagamit sa mga banal na kasulatan ng ilang relihiyon. Habang inilalarawan at binabanggit ang butò at mga proseso at paniniwala kaugnay dito, kanila rin namang itinatago ang kahulugan nito sa katangian ng mga hayop. Para kay Gilad (2015) sa kaniyang “Why Hebrew Has So Many Words for Penis,” tinatawag itong *euphemism creep*. Nakabuo ng maraming katawagang Hebreo para sa butò dahil ang pagbanggit at/o paglalarawan sa direktang tawag dito ay isang *taboo* at itinuturing na kahiya-hiyang gawain (para. 1).² Liban sa mga relihiyosong kasulatan, makikitang ginamit din ang euphemismo ng butò para sa hayop sa mga akdang medikal katulad ng *Medicina de Quadrupedibus*, isang salin sa matandang Ingles mula sa wikang Latin, patungkol sa usaping beterinaryo (tingnan Christiansen, 2021). Matandang Ingles para sa butò ang *teors* at *scytel* na isinalin at/o iniuugnay sa mga hayop katulad ng baboy-ramo, kambing (*wild goat*), lalaking usa (*stag*), at toro (*bull*) (Christiansen, 2021, pp. 246-249). Sa katunayan, hitik sa ganitong euphemismo ang diskurso at bokabularyong Kanluran.³

Maraming pag-aaral ang tumalakay sa hayop at kung papaano ito naitutumbas at/o nabibigyan ng simbolismo ng butò bagaman ang kahitikan nito ay masasalamain sa Kanluran. Halimbawa, itinuring na isang phallikong simbolismo ng proteksiyon at fertilidad ang *antler* ng isang *fallow deer* (Miller & Sykes, 2016/2023, p. 270, tingnan din Lee, 2021); ang *stallion* o kabayo (Remington & Smith, 2022); at maging ang toro (*bull*) at kambing (Funke *et al.*, 2017, pp. 329-330). Samakatuwid, ang mga nabanggit na hayop ang naging batayan sa pagpili ng mga itatampok sa pag-aaral. Gayumpaman, hindi palasak sa paniniwalang Pilipino ang mga pagtutumbas ng butò sa *fallow deer*, kabayo, toro, at kambing sa kadahilanang hindi ito marahil tampok at/o matatagpuan gaano sa pang-araw-araw na pamumuhay at kapaligirang

2 Halimbawa, ginagamit noon ang salitang *gezer* (*carrot*) at *zerek* (*hose*) bilang euphemismo ng butò. Samantala, ang modernong tawag sa Hebreo ng butò ay *zereg*. Ngunit noong dantaon 20, sa kaso ng Tel Aviv’s Gymnasia Herzliya, napansin ng mga guro na tumatawa ang ilang kabataan. Liban sa *zereg*, ginagamit din sa kontemporaryong panahon ang *zayin* (Languagehat, 2016, para. 8-9). Kaya pinalitan ito ng mga euphemismong nakaugay sa mga hayop.

3 Nakapagtala halimbawa si Nelson (2019) at ang Stanford University (n.d.) ng iba’t ibang uri ng hayop na maiwawangis sa butò—*pecker*, *cock*, *rooster*, *snake*, *python*, *cobra*, *trouser snake*, *worm* at/o *book worm*, *weiner* (isang uri ng aso), *elephant*, *turtle head*, at *mongoose*. Sa mga nabanggit, pinakalaganap ang *cock*, isang lalaking manok. Ito ay ginamit ng mga Ingles noon pang maagang bahagi ng dantaon 17 (Fernandez, 2008, p. 100). Maging ang mga piksiyonal na karakter na hayop katulad nina *Cujo*, *The Dragon*, *King Kong*, *King of the Jungle*, at *Simba* ay nailapat ng mga Amerikano bilang euphemismo ng butò (Cameron, 1992, p. 380).

pisikal ng mga Pilipino. Samakatuwid, humugot ang pag-aaral na ito sa parehong layuning maiugat ang simbolismo ng butò sa mga hayop na pangkaraniwan sa mata at pamumuhay ng mga Pilipino sa kabuoan.

Sa kulturang Pilipino, bagaman mayaman ang talasalitaan kaugnay ng butò, hindi gaanong napalalawak ang euphemismo nito sa mga hayop. Kung hindi tayo nanghihiram sa banyagang salita—*i.e.* nagagamit na rin ng mga Pilipino ang *cock*, *cobra*, at *dragon*, hindi rin gaanong napalalawak ang kahulugan at kaugnayan nito sa mga hayop. Katulad ng nabanggit ni Mata (2010), nasusukat ang pagkamalikhain ng mga Pilipino sa paghahalili ng mga salitang ‘di lantad para sa butò (p. 174). Tinawag ang butò bilang *alaga*, *ahas*, at *ibon* (Mata, 2010, p. 174) o kung minsan *bird* o *cock* (Evasco, 2003, p. 295). Sa bahaging ito, uugatin ang kaugnayan ng butò sa ilang hayop na laganap sa Pilipinas—ang terestriyal na ibon, aquatikong mga isda at trepang (*sea cucumber*), at semi-aquatikong mga buwaya at ahas.

1. Butò bilang Ibon

Hindi katulad sa mga *winged phallus* ng mga Greko-Romanong sining na lantad ang kaugnayan ng ibon at butò dahil sa makikitang mga pakpak nito (Jones, 1998, p. 194, note 22), hindi gaanong napalalalim sa kulturang Pilipino ang ugnayan ng butò-at-ibon. Naipaliwanag sa aking tesis masterado ang ugnayan ng manok at mga taong ibon ng mundong Austronesyano katulad nina Makemake, Tangaroa (na may araw-at-butò) at ng Nguzunguzu (Tugano, 2025a, pp. 195-197).

Sinipi ni Schnier (1952) ang interpretasyon ni Sigmund Freud hinggil sa ugnayan ng butò at ibon. Aniya, napansin ni Freud na karaniwang ginagamit ng mga Italyano ang *l'ucello* at *vögel* ng mga Aleman, na kapwa katawagan sa ibon at butò (p. 112). Taglay ng butò at ibon ang katangian ng paglipad, at ang paglipad ay nakatuon sa gawaing seksuwal—“*he [Freud] explained the use of the bird as a phallic symbol on the basis of the wish to fly. This wish to fly which is so common in dreams signifies the longing for sexual accomplishment* (Schnier, 1952, p. 112).” Kaya nga sa kulturang Pilipino, ang mga *prostitute* ay karaniwang inihahalintulad sa isang kalapati (ibon) na mababa ang lipad (gawaing seksuwal)—*i.e.* *kalapating mababa ang lipad*. Ang ugnayan at/o simbolo ng butò at ibon ay pinatutunayan din ni Jones (1923, p. 321) sa pananaw ng relihiyon, antropolohiya, kuwentong bayan at kuwentong pambata (sinipi sa Schnier, 1952, pp. 112-113).

Para naman kay Wormhoudt (1950), ang ibon ay kapwa sumisimbolo sa butò at suso ng babae bagaman higit na itinuon sa butò sapagkat ang butò tulad ng ibon ay may abilidad na kontrahin at/o salungatin ang balani (*gravity*), ang ibon ay lumilipad samantalang ang butò ay tumitigas at/o tumatayo (p. 173). Kaya malinaw ang ugnayan ng ibon sa gawaing seksuwal. May isang sapantaha si Harrisson (1964) ukol sa paggamit ng *penis ring* ng ilang Pilipino at

iniuugnay sa paggamit ng *palang* sa Borneo at matandang sibilisasyong Tsino. Ginagamit din ang *palang* sa Melanesia, New Guinea, Borneo, at Sulawesi (tingnan Blust, 2008, p. 453). Ang puting panali o *penis ring* na gawa mula sa sutla, bago makipagtalik ay ibinababad muna sa medisina kung tawagin ay *yao-chu po-tai-tsu* o helatina (*gelatine*) na mula sa pugad ng ibon (p. 172) o sa katas na inilalabas ng ibon.⁴ Ang paggamit ng *penis ring* ay laganap sa sinaunang Kabisayaan (Pigafetta, 1521; Scott, 1994). Tinatawag itong *palang* o *utang*, *sagra*, *sakra*, at *duguan* na maaaring nasa dalawang porma—*penis ring* o *penis wheel* at ang *penis pin* (Mojares, 1997, p. 24). Liban sa mga Bisaya, ang mga Kapampangan ay lumilinang ng *penis ring* na gawa sa buhok ng kabayo o mas kilala bilang *curicung* (Sunnexdesk, 2014).

Larawan 1

Tigmamanukan sa likod ni Bathala



Mga Tala: Kilala bilang Limokon sa mga Mandaya at responsible sa pagsilang ng dalawang anak, isang tao at ahas. (Dragonbite, 2007)

Sa Pilipinas, isa sa probableng nalalapit sa ugnayang butò at ibon ay si Tigmamanukan na itinuturing sugo ni Bathala (larawan 1).⁵ Ang anomang ibon o ‘di kaya isang manok (*manukan*) ay itinuturing bilang sugo ng Kaitaasan (Lasco, 2015, p. 26). May pagkakatulad ang kuwento ng Tigmamanukan sa mga pangkat-etnikong Mandaya, bagaman paniniwala rin

4 Ang ganitong kostumbre o ang paggamit ng *bird nest* ay malawakan na ring pinanggagamot at/o iniinom para sa mga butòng hindi tumatayo o tumitigas (*erectile dysfunction*) (tingnan Ma *et al.*, 2012).

5 Tingnan din ang *tigmamanukan* o *tigmamanuquin* sa iba pang primaryang batis (Plasencia, 1589, p. 189; Chirino, 1604, p. 265, note 77; Colin, 1663, p. 70; San Antonio, 1738, p. 333).

ng mga Bagobo at Menuvu ang kuwento tungkol kay *Limokon*.⁶ Ito ay isang ibong nagsilang ng dalawang itlog sa Ilog Mayo (Clark, 2018, para. 11), isang babaeng katawang tao na nagngangalang Mag at ang isa naman ay ahas na si Begenday (Eugenio, 2001b, p. 299). Gayundin kay Manaul na responsable sa pagbiyak ng kawayang nilabasan ng unang lalaking si Si-Kalao at unang babaeng si Si-Kalay (Punongbayan, 1998, p. 12). Ang katangian ng Tigmanukan ay malinaw para kay San Buenaventura (1613) bilang *que estos tenian por aguero antiguamente* o mayroong kakayahang makaalam ng mga pangitain mula sa nakaraan (p. 231). Kaya matatawag din ang Tigmanukan bilang *balantikis* o *balatiti*, ibong nagdadala ng maganda o masamang pangitain o pangyayaring nagpapahiwatig ng anomang maaaring maganap (Almario, 2001, p. 84).

Sa kasalukuyan, ang *balatiti* ay tiningnan ng ilang Pilipino bilang bahagi ng biro na nakaugnay sa kontraksiyon ng dalawang salita—*balat* at *titi* = *balat-titi* o *balat ng titi* (Filipino Language Blog, 2016, para. 6):

Balatiti—Now this word may sound naughty for many Filipinos because it seems like a **contraction of balat (skin) and titi (penis)**, but the word actually refers to a bird that provides good or bad omen, or that which can make predictions of what will happen. Now this kind of bird is a common fixture of different Filipino mythological narratives (akin ang diin) (Chescayusi, 2016, para. 1).

Dahil ang *balatiti* at Tigmanukan ay probableng iisa at ayon kay Samar (2019), isa rin itong ibong may mahiwagang awit kaya itinuring niyang “iba pang katawagan” sa Tigmanukan ang Ibong Adarna (p. 91). Nais kong ipasok sa argumentong ito ang palasak na katangian ng Ibong Adarna. Batid na ang Ibong Adarna ay may katangiang mang-ipot sa ulo na kagyat na magiging bato ang sinomang malaglagan nito (larawan 2). Ang *ipot* ay eksklusibong tinatawag lamang para sa tae (*excreta*) ng mga ibon (Tampas-Villadolid & Santos, 2019, p. 53). Samakatuwid, maaaring basahin ang Ibong Adarna sa diskursong magdidiin sa kahulugan at katangian ng isang butò.

6 Sa mga Blaang, kilala ito bilang *almugan* o *baswit* na nakikipag-usap sa Diyos ng kaitaasan (Gueguen, 2010, p. 40) at *boi henwu* ng mga T’boli na naniniwalang ang hayop at ibon ay minsan nang naging mga tao (Mora, 1987, pp. 187-188).

Larawan 2

Pang-iipot sa ulo ng ibong Adarna



Sa ulo mismo tumatama at/o bumabagsak ang ipot ng Ibong Adarna. (Franco & Roque, 2017)

May mga naging malayang pagsusuri ang kritikong si Aguila (2010a, 2010b) sa apat na panitikang binabasa sa hayskul—Ibong Adarna, Florante at Laura, at ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Aniya, *naka-embed o subliminal ang sex* sa mga panitikang katulad nito (Aguila, 2010b, p. 78). Tiningnan din niya ang Ibong Adarna bilang isang “tuksong dapat iwasan” ng mga bidang Prinsipe, ang tukso ng laman (Aguila, 2010a, p. 9). Kaya kakatwang ang ibong ito ay “nang-iipot sa ulo” na kung tutuosin, ang kasabihang *may ipot sa ulo* ay may euphemismong nagtaksil sa lalaki ang kaniyang asawang babae (Filipiknow, 2022, para. 30-31) o ‘di kaya nakipagtalik sa ibang lalaki. Kaya nga mapatotohanan nito ang naging pagbasa nina Schnier (1952) at Wormhoudt (1950) na may kaugnayan ang ibon—butò-at-suso. Dahil anila, ang mga ibon, para sa ilang lipunan ay nagbibigay at/o naglalaglag ng ulan kaya pinaniniwalaan na umiihi ang mga Diyos sa tuwing may lumilipad na ibon. Kapwa naglalabas ng likido ang butò (*urinary duct*) at suso (gatas) kaya ang ibon ay *selected by the unconscious to serve in the category of symbols for the pregenital emotion associated with the mother’s breast* (Schnier, 1952, p. 97 sinipi sa Richter-Gravier, 2019, p. 105). At saan pa ba manggagaling ang ipot kundi sa ibon (*na isang butò*)? May ekspresiyon ang ilang Bikolano, *pirming nag-iipot ang manoy* (*parating nag-iipot ang manoy*). Nangangahulugang parating naglalabas ng ipot (*tamod*) ang manoy (*butò*) [manoy=manok=alaga] bilang pagtataksil sa asawa o ‘di kaya nagkakalat ng ipot (*tamod*) sa iba’t ibang babae (*maraming inaanakan o nagkakalat ng lahi*) (R. Tugano, personal communication, 2023).

Isa pang katangian ng ibon at/o manok ay ang *pagtuka*. Sa konseptong Pilipino, ito ay may direktang kinalaman sa sensuwal na gawain partikular na ang paghalik. Ang pariralang *nagtutukaan* (*naghahalikan*) ay isang indikasyon na nakaugnay ito sa isang ibon at/o manok na tumutuka at may pantuka. Gayundin ang “*palay na ang lumalapit sa manok*” o babae na ang lumalapit sa lalaki. Ang babae ay nagsisilbing palay at ang lalaki ay isang manok na tumutuka at/o tutuka sa palay. Gayumpaman, wala pang literatura ang makapagpapatunay na *interchangeable* ang kahulugan ng *tukaan* bilang “paghahalikan” at “pagtatalik.” Sa halip, ang ganitong korelatibong ugnayan ay mas lilitaw sa kasalukuyang pormasyon ng mga salita o *slang* ng ilang Pilipino. Halimbawa, ang MOMOL (*make out make out lang*) ay orihinal na nangangahulugang *intense kiss* o mas kilala marahil bilang “*laplapan*” (*torrid kiss*). Ang kataga noong “*nagtutukaan sila sa publiko*” ay maaari nang palitan sa kasalukuyan bilang “*nag-MOMOL sila sa publiko*.” Ngunit ayon sa antropologong si Michael Tan (2019), ang *momol* ay “*sex without commitments or attachments* (para. 9).”

Ang *pagpapatuka* ay nakaugnay sa anomang uri ng ibon, kabilang ang mga manok, katulad ng manok na panabong (*sabong*). Laganap ang pagsasabong ng manok (larawan 3) sa lipunang Pilipino na naitala pa ni Antonio Pigafetta noong 1521.⁷ Ang tanda ng pagsasabong ay pinatutunayan ng eksistens nito sa Austronesyano lalo na sa Polynesia. Para kay Dundes (1993, p. 33), ang pagsasabong ay nakakubli sa kahulugan ng *homoerotikong labanan ng nagsasalsalang butò* (*homoerotic masturbatory phallic duel*) at ang natalo ay kadalasang metaporikal na natatanggalan ng pagkalalaki (*castration* o *feminization*) (sinipi sa Richter-Gravier, 2019, p. 106). Kaya eksplisitong kahulugan ng butò ang manok o tandang. Ang ganitong Austronesyanong paniniwala hinggil sa pagsasabong ay mababakas din sa Hawai’i. Ayon kay Malo (1971, 1996), kapag natatalo ang isang lalaki sa pagsasabong, kinukutya ito at sinasabihan ng *Aina iho kūkai o kō moa* (*kainin mo ang tae ng iyong manok*) (Malo, 1971, p. 231; 1996, pp. 115, 286 sinipi sa Richter-Gravier, 2019, p. 106). Sa ngayon, ang “pagkain sa tae ng sariling manok” bilang larawan ng pagkatalo ay maaaring itumbas at/o may kaugnayan sa “pagpapakain ng alikabok.” Isa itong kasalukuyang ekspresiyon sa nagtutunggalian, kadalasan sa mga laro at/o isports. Para naman kina Allan at Burridge (1991), simbolikong nailapat ang manok at butò ay dahil ang manok ay tumatayo at tumitilaok sa madaling araw, at katulad ito ng butò na tumatayo at/o tumitindig tuwing umaga at/o sa paggising (*matutinal erection*) ng isang lalaki (Allan & Burridge, 1991, pp. 106-107 sinipi sa Richter-Gravier, 2019, p. 106, note 60).

7 Bagaman hindi ito direktang impluwensiya ng mga Español ngunit ito ay pinaniniwalaang namana at/o nakuha ng mga katutubong Pilipino mula sa Hinduismo (Galindez, 1974, pp. 1-5; Scott, 1994, p. 112).

Larawan 3

Pagsasabong ng manok



Laganap ang pagsasabong ng manok bilang libangan ng kalalakihang Pilipino. Ngunit para kay Dundes (1993) sa lipunang Austronesyano ang pagsasabong ay isang homoerotic masturbatory phallic duel na kung saan ang nanalo ay malakas samantalang mahina naman ang natalo
(US Military Personnel, 1900)

Mapapansin din ang pag-iisa ng manok at lalaki sa isang obrang nilikha ni Rodel Tapaya noong 2015-2016 na *Adda Manok mo Pedro? (Mayroon ka bang tandang Pedro?)* (larawan 4). Mapapansin ang manok ay mayroong paa ng isang lalaki.⁸ Para kay Sastrawan (2018, para. 4) ang Ilokanong pamagat na ito ay may pagkakatulad sa pinaghalo-halong Malay at Javanese.⁹ Bagama't hindi tahasang sinabi nina Tapaya (2015-2016) at Sastrawan (2018) na ang kalahating tao at kalahating manok na ito ay simbolismo at/o representasyon ng butò, maaaring tingnan ang interkonteskto nito sa pagkalalaki. May paliwanag si Nash (1980) ukol sa mga mitolohikal na pigurang *part-human, part-animal* lalo na ang mga *winged human*. Aniya, “*winged humans were judged more human than erect animal-headed, human-bodied hybrids which were in turn judged more human than hybrids which were neither erect nor bipedal* (Nash, 1980, p. 49).”

8 Para kay Tapaya, maraming kahulugan ang manok—(1) ang larong sabong na laganap din sa lipunang Ilokano; (2) dahil sa marahas ang tandang, pinarusahan siya ni Bathala (na makikitang may hawak na tatsulok na may mata sa gitna) at ginawang manok o ibong hindi lumilipad; at ang (3) simbolo ng tatlong beses na pagkakanulo ni San Pedro kay Hesus na nakabakas sa pagtilaok ng manok nang tatlong beses (Art Gallery of New South Wales, n.d., para. 5).

9 Ang *ada* (mayroon); *-mu* (ikaw/[ka]); at *manuk* (ibon o manok). Sa Indonesia, ang manok ay simbolo rin ng kapangyarihan at karahasan (*violence*), tinatawag din *jago* na ang ibig sabihin ay “panalo” (Sastrawan, 2018, para. 4).

Larawan 4

Adda manok mo, Pedro?



Isang obrang nilikha ni Rodel Tapaya. Kapansin-pansin ang larawan ng isang manok (tandang) na may paa ng isang lalaki. Batay kay Tapaya, ang simbolo ng manok sa obrang ito ay nasasalamain sa iba't ibang kahulugan (Art Gallery of New South Wales, n.d.).

Ang anatomikong tambalan ng hayop at tao ay dimensiyanal na naglalarawan sa *humanness/animality*, *unpleasantness*, at *incongruity* (Nash, 1980, p. 49). Gayumpaman, lilitaw sa sinaunang Gresya at Romano ang pag-uugnay sa manok o tandang bilang erotikong simbolo. Ito ang *counterpart* na hayop ni Priapus, ang diyos ng fertilidad. Hindi gaanong naiuugnay sa butò ang ilang *winged humans* ng Silangan, katulad ni Garuda ng Indonesia; Apsara ng Thailand at Cambodia; at Kinnari ng Hinduismo-Buddhismo. Kung tutuosin, mas makikita pa ito sa matandang pamayanang Austronesyano. Ang kalahating manok (o ibon) at tao ay makikita sa depiksiyon ng mga *taong-ibon* o *birdman* na sumisimbolo sa Kaitaasan ng kosmolohiyang Austronesyano (Salazar, 2004, pp. 60-70; Lasco, 2015, p. 33). Sa French Polynesia, isang taong-ibon si Ta'aroa (Lasco, 2015, p. 34) o Tangaroa. Sinasabing si Tangaroa ay isang *aitu* sa Melano-Polynesian na mayroong tuling butò (*circumcised penis*) (larawan 5).¹⁰ Ipinakikita nito ang presensiya ng butò sa kalahating ibon at kalahating tao katulad ni Tangaroa.

¹⁰ Sa Melano-Polynesian, tanyag ang *aitu* (anito=Diyos) na si Taaroa na kilala at/o iisa bilang Tanaoa at Tangaroa (Salazar, 2006, pp. 73, 77). Ayon sa pinagmulang alamat, si Taaroa ay lumulutang-lutang sa kawalan ng Po sa anyo ng isang itlog kaya siya rin ang naging tagapaglikha ng santinakpan (Salazar, 2006, p. 73). Dahil isang manlilikha si Taaroa, mayroon itong anak na lalaki na ang pangalan ay Oro, ang itinuturing na *aitu* ng digmaan at fertilidad. At para sa Samoa, ang katumbas ni Oro ay si Tu na ang ibig sabihin ay *tindig* (Salazar, 2006, pp. 73-74). At dahil isang ibon si Taaroa (Siikala, 2006, p. 45), kaya ibon din ang mga anak na sina Tu o Oro. Samakatuwid, sina Tu at/o Oro ay katumbas ni Tuli ng Tonga at Makemake ng Eastern Island o Rapa Nui (Salazar, 2006, p. 74). May isang hitsura si Tangaroa na kakikitaan ng tinuling butò na nadedekorasyonan ng araw sa itaas (bandang dibdib o pusod). Tingnan ang ibang larawan ng mga *aitu* na may butò na natagpuan sa Raratonga, Cook Islands na ngayon ay nasa pangangalaga ng British Museum sa London (Idiens, 1976, pp. 360-361). Gayumpaman, hindi lamang ito simpleng tuli (*circumcision*) ngunit isang *superincised* (*dorsal slit*) o paggugupit ng balat ng

Larawan 5.

‘Birdman’ na si Tangaroa na may tuling butò.



Isang aitu sa Melano-Polynesiano na nagpapakita ng isang tuling butò habang may sagisag na araw sa itaas nito. (WA, 2005; Salazar, 2006)

Mula sa itinumbas na kahulugan at ugnayan ng butò at manok, masasalamin na ito ay eksklusibong katangian at paglalarawan sa pagkalalaki at/o pagpapakalalaki. Maging ang gawain ng pagsasabong ay nakaangkla din sa pagkalalaki at pagpapakalalaki. Ayon kay

butò mula sa ulo nito nang sa gayon ay lumabas ang laman. Isang halimbawa ang Isla ng Tikopia sa Western Polynesia na sinasabing “*Tikopians are not circumcised, but superincised. That is, a single cut is made from front to back on the top of the foreskin. Because it is done before the penis grows, the skin pulls back, giving an appearance similar to true circumcision* (WA, 2005).” Ang estatuwa ng ibon (taong-ibon at/o ibong *aitu*) na si Tangaroa ay mayroong malaking tinuling butò. Ang pagkakaroon ng ganitong uri ng tuli na parang kay Tangaroa ay makikita at/o maiuugnay din sa Pilipinas: “*On Ra’ivavae in the Austral Islands (700 kilometers from Tahiti), the boys superincise themselves alone. The custom is similar in the Philippines, and one shudders to think of the possibilities of misunderstanding and accident, but presumably they know what the result should look like. On the tiny island of Niue, it is done about the age of eight and, as on Tikopia, it is a big occasion. In Fiji, it is a custom of puberty* (akin ang diin) (WA, 2005).” At dahil isang tuling *aitu* si Tangaroa, ang ‘di tuling butò para sa Polynesyang Tonga, Samoa, Niue, at Tikopia ay isang kahiya-hiyang bagay at hindi raw tumitingin ang mga babae sa butò ng nababalutan pa rin ng balat (WA, 2005). Liban pa rito, ang mga *birdman* na kadalasang iniuugnay sa fertilidad=butò ay nabigyan din ng pagpapahalaga sa pakikidigma. Masususugan ito ng isang disenyong *birdman* na makikita sa Melanesia. Mapapansin ang *nguzunguzu* ay kadalasang disenyo ng mga prowa ng bangka, lalo na sa Western Solomon Islands. Isa pa, ang *nguzunguzu* [nguso] ay mayroong kaugnayan sa pakikipagdigma at pangangayaw (Salazar, 2006, pp. 155, 157).

Bolata (2017), noong panahong kolonyal, hindi pinapayagan sa sabungan at/o tupadahan ang kababaihan.¹¹

Maging sa kulturang popular ay makikitang naiuugnay ang butò at ang ibon. Sa awiting *Please Don't Touch my Birdie* ng Parokya ni Edgar (1997), may lirikong:

Ang birdie ko ay nakakatuwa

Parang cobra na mahilig **mantuka**

Kapag nilabas na mula sa kulungan

Tuloy-tuloy na ang aming kasiyahan (akin ang diin)

(Parokya ni Edgar, 1997).

Kung pinaniniwalaan ng ilang Pilipino na ang lirikong ito ay mayroong dalawang kahulugan (*double meaning*) (Lim, 2022, para. 2-3), para naman kay Murphy (2023), ito ay isang pagpapahalaga sa personal na kagustuhan at/o kalayaan at pagpapaalala ng pribadong pamumuhay na kinakailangan ng pagpapaalam (*necessity of consent*) (para. 2).¹²

2. Butò bilang Isda

Bagaman hindi karaniwang ginagamit at/o maririnig sa mga Pilipino ang metapora ng butò na iniuugnay sa mga isda, malawak din ang pag-uugnay at pagpapakahulugan sa dalawang ito. Sa wikang Western Malayo-Polynesian, partikular na sa Kapampangan, ang *bulíg* o dalag (*snakehead*) ay ginagamit din bilang metapora para sa butò (Blust & Trussel, 2010). *Bulíg* din ang tawag ng Tagalog sa *dalag* ngunit hindi ito iniuugnay sa butò bilang metapora (Blust & Trussel, 2010). Gayumpaman, kailangan pa ring palawakin at dagdagan ang mga halimbawa ng pag-uugnay ng mga Pilipino sa butò at isda.

Una na rito ang tinatawag bilang *penis fish* ang *tamilok* (Mukherjee, 2021, para. 1).¹³ Ang *tamilok* (larawan 6) o *ship worm* o *Toledo worm* ay karaniwang kinakain sa Timog Silangang Asya at sa Pilipinas lalo na sa Palawan at Aklan. Tinatawag din itong *sea termite*

11 Ang sabong ay mayroon usaping pangkasarian katulad ng isinasaad sa *Capitulo III, Articulo 27 ng Reglamento de Galleras*, ipinagbabawal ang pagpasok ng kababaihan sa sabungan at sa tuwing nais nilang pumusta at/o tumaya rito, ipinagkakatiwala at/o ipinakikisuyo nila ang kanilang mga taya sa isang lalaki (Bolata, 2017, p. 102).

12 Aniya, “*They [Parokya ni Edgar] wanted to address the issues of personal space, boundaries, and the significance of consent through the metaphor of a birdie* (Murphy, 2023, para. 5).”

13 Ayon sa mga kuwento, ang salitang *tamilok* ay nagmula sa engkuwentro ng mga sundalong Amerikano (GI Army) noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, na nakakita kung papaano kumuha ang mga Pilipino ng *ship worm*. Sinabi ng isang GI sa kaniyang kasamahan—“*Tommy, look* (Tommy [pangalan marahil ng isang sundalo] tingnan mo oh!” (Mukherjee, 2021, para. 1). Samakatuwid, *Tommy Look* = *tamilok*.

sapagkat kumakain ito ng mga kahoy sa karagatan at karaniwang nakatira sa mga bakawan ng Pilipinas (Slow Food Foundation for Biodiversity, n.d., para. 1-2). *Edible woodworm* ang *tamilok* (Kirshenblatt-Gimblett & Fernandez, 2003, p. 71) sapagkat ito ay kinikilaw at nilalagyan ng suka at sili. Dahil sa katangian nito, ipinagpapalagay ng ilang Palaweño (lalo na sa Sabang, Puerto Princesa, Palawan) na ang pagkain ng *tamilok* ay isang uri ng *aphrodisiac*.¹⁴

Larawan 6

Tamilok bilang penis fish



Karaniwang niluluto sa paraang kinilaw lalo na sa Palawan at kung minsan, ito ay pinaniniwalaang aphrodisiac. (Mukherjee, 2021)

¹⁴ Mayroon akong karanasan sa Puerto Princesa, Palawan noong 2022 habang nakakain ng tatlong balot ng *tamilok*, sinabihan ako ng isang mangingisda, “*Sir, huwag masyadong marami, baka mapasabak ka.*” Ang kaniyang tinutukoy dito ay ang pag-init ng aking katawan dahil anila, ang pagkain ng maraming *tamilok* ay nagpapainit ng katawan at nakapagpapagana sa seks.

Larawan 7

‘*Phallostethus cuulong*’ o isdang hugis-phallus



Makikita sa mga tubig-tabang at alat ng Timog Silangang Asya lalo na sa Pilipinas at Malay Peninsula.
(Agence France-Presse, 2012)

Liban sa *tamilok*, laganap din sa katubigan ng Pilipinas ang mga *guno* (*Atheriniformes*) o mga isdang kulay-pilak at may mahahabang katawan na parang nakatindig na butò. Tinatawag din itong *Priapus fish*, mula sa *priapism* na ang literal na kahulugan ay “mahabang nakatindig na butò.” Kamag-anak ito ng mga isdang kabilang sa *Phallostethidae* (mula sa *phallos* = *phallus*) o sa mga isdang laganap lamang sa katubigan ng Tangway ng Malay at Pilipinas (TeWinkel, 1939, p. 59) at Sulawesi, Indonesia. Sa Pilipinas, may sampung *species* ng *guno* o *Phallostethidae*.¹⁵ Katulad ito ng bagong *species* na *Phallostethus cuulong* (larawan 7) na natuklasan sa Mekong Delta, Hanoi, Vietnam (Agence France-Presse, 2012, para. 1).

¹⁵ Ito ay ang (1) *Gulaphallus bikolanus* na laganap sa Lawa ng Bato, Camarines Sur at Lawa ng Lanigay, Albay, at Cabangan River sa Albay; (2) *Gulaphallus eximius*, Sta. Fe, Nueva Vizcaya at Magat River; (3) *Gulaphallus falcife* sa mga batis malapit sa Bundok Arayat, Pampanga (Mexico), at Nueva Ecija; (4) *Gulaphallus mirabilis*, Angat River, Bulacan; Fort Stotsenberg, Pampanga; at Mangatarem, Pangasinan; (5) *Neostethus bicornis*, Nakoda Bay at Malampaya River, Palawan; (6) *Neostethus borneensis*, Calamianes Islands, Hilagang Palawan; (7) *Neostethus ctenophrous*, Laguna de Bay; (8) *Neostethus robertsi*, Calasiao River sa San Carlos, Pangasinan; (9) *Neostethus thessa*, Lake Mainit sa Agusan del Norte at Kalinawan River sa Surigao; at (10) *Neostethus villadolidi*, Kiga Creek at Ambacan River sa Baybay, Leyte; Sohoton Cave at Inuntan; Basey River sa Samar; Cagayan de Misamis, Misamis Oriental, Mindanao, Negros Oriental; Mactan Island, Cebu; Leyte; at Cuyo, Palawan (Fish Base, n.d.).

Larawan 8

Titing Kastila



Sa ilang mandaragat at mangingisdang Pilipino, ang cigar wrasse ay tinatawag ding titing Kastila (Papa Bhords Adventure, 2022)

Larawan 9

Tampal-puke



Tinatawag ng mga Pilipino ang *flatfish* bilang tampal-puke at ito ay karaniwang naninirahan sa malalim na bahagi ng karagatan. (ONE PH, 2023)

Kawangis din ito ng *cigar wrasse* (*Cheilio inermis*) o isdang mahaba na karaniwan ding matatagpuan sa rehiyon ng Indo-Pasipiko. Ang *cigar wrasse* ay kilala at kalimitang tinatawag na *titing Kastila* (titi ng Kastila) (larawan 8)—i.e. sa kaso ng Quilitisan, Calatagan, Batangas (tingnan Ermar Fishing Sessions, 2021) at Mariveles, Bataan (tingnan Papa bhords adventure, 2022). Kung susuriin, ang isdang *titing Kastila* ay posibleng hango sa pisikal na katangian nito,

mahaba at kulay puti (o kulay-pilak) na iniwawangis sa butò ng mga Español. Ang depiksiyon at pagbibigay kahulugan at larawan sa *titing Kastila* ng mga Pilipino ay katulad din kung papaano binansagan ang *flatfish* bilang *tampal-puke* (larawan 9).¹⁶

Sa aking pagbasa, ang katawagan para sa *tampal-puke* ay maipaliliwanag ng sikolohiya ng pakikipagtalik.¹⁷ Samakatuwid, ang paglalagay ng kahulugan ng tao sa isda, katulad ng *titing Kastila* para sa butò at *tampal-puke* para sa puki ay hindi lamang isang pangkaraniwang

16 Noong 2023, lumitaw ang napakaraming *tampal-puke* sa Noveleta, Cavite at Manila Bay dulot ng isinasagawang *reclamation* sa mga baybaying ito (One PH, 2023). Ayon kay Fernando Hicap, *Chairman* ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (PAMALAKAYA-Pilipinas), ang mga *tampal-puke* ay karaniwang naninirahan sa mga *sea grasses* at buhanginan ng mga bahura (*coral reef*) o sa malalalim na bahagi ng karagatan kaya ang paglitaw ng mga ito ay dulot ng paggalaw at/o pagkasira ng kanilang tahanan na maituturo sa mga *reclamation project* (One PH, 2023).

17 Bagaman, may kahirapan tukuyin kung saan at papaano tinawag ang *flatfish* bilang *tampal-puke*, posible namang tahasang sabihin ang literal na pagpapakahulugan dito ay *pagtatampal ng puke* (*puki*) o *vagina slapping*—ang *tampal* ay direktang kahulugan ng *sampal* (i.e. *tampalin*=*sampalin*). Katulad ng isdang ito, ang puki ay karaniwang nakapatag. Sa antropolohikal na pagtingin, karaniwang tinatampal ang puki ng ilang indibiduwal, tuwing at/o nasa proseso ng pagtatalik. Sa inilathalang artikulo ni Moore (2018) sa *MEL Magazine* na “What’s The Deal With Pussy Slapping?” ang pagtatampal ng puki o ang tinawag niyang *pussy slapping* ay bahagi ng tipikal na paraan ng pagtatalik, o para sa akin, ito pa nga ay isang akto ng foreplay:

Pussy slapping, also called cunt spanking, clit slapping, clit smacking, vagina slapping, and clit tapping, is pretty much what it sounds like. Though one might get the visual image of an open-handed slap on the pussy as if it were a face, that’s not quite the way it goes. It can involve the head of a dick slapping the clit, a hand, a finger, or objects such as rulers, or for more advanced kinksters, a whip or belt (para. 2).

Isa ito sa mga paraan ng pagpapalabas ng orgasmo ng kababaihan. Sa Europa, ito ay tinatawag na *ballgasm* o *female orgasm* kung saan nailalabas ang orgasmo ng babae matapos na paulit-ulit na tinatampal ng testikulo o butò ng isang lalaki (Urban Dictionary, 2009; Moore, 2018, para. 3). Sa mga Holandes, *Swaffelen* ang tawag sa pananampal ng puki gamit ang butò (Moore, 2018, para. 7). Kaya para sa ibang kultura, ang pananampal ng butò sa labasan ng puki ay isang paraan ng pagkatok (*knocking*)—i.e. kinakailangan ng pagkatok sa pintuan [kaya nga magkakatulad ang puki=*puerta*=pintuan] bago pumasok (tingnan Moore, 2018, para. 6). Sa kabila ng mga kultural na paniniwalang ito, mayroon ding pinagbabatayang biolohikal na paliwanag ang *vagina slapping*—sipi kay Moore (2018), “*the head of the penis has the most nerve endings out of any external part of the male body, the clitoris has the most nerve endings out of any external part of the female body. By ‘slapping’ the head of the penis against the clitoris, it creates enough impact stimulation without causing pain, and females have had clitoral orgasms from this. It also creates heightened arousal in males* (para. 7).” Liban pa rito, ang pananampal sa puki ay maaari isa ring bahagi at stimulo ng *sexual pleasure* ng ilang kababaihan na katumbas ng nakakamit mula sa *vaginal masturbation* (tingnan Berk, 2019). Minsan sa kasaysayan, ang *vaginal masturbation* ay dumaan din sa panliligalig at pagtuligsa ng mapanupil na kaisipan ng kalalakihan—i.e. *anti-masturbation movement* ni John Harvey Kellogg (Siy, 2018, p. 8). Ang doktor na si Kellogg ay naglabas ng isang akdang naglalaman ng anti-kababaihang pananaw sa paggalaw ng puki at tinggil. Sa ilalim ng *anti-masturbation movement*, nagsulat si Kellogg ng aklat na ipinagpipilitan na ang pagdadaliri (*masturbate*) ng babae ay nagdudulot ng kanser sa matris, epilepsy, pagkabaliw, at panghihina ng katawan at isip (Siy, 2018, p. 8).

pagbabansag ngunit nasasalamín dito ang malawak at malalim na pagpapakahulugan ng tao sa estruktura, kahulugan, at simbolo ng butò at puki na siya ring nasasalamín sa mismong kostumbre ng pagiging tao at pagpapakatao.

3. Butò bilang Trepang

May Isla sa Cebu na kung tawagin ay Nalusuan. Isang Cebuanong termino ang *kalusuan* na ang ibig sabihin ay “lugar ng mga butò” (Atonibai, 2017, para. 4). Napaliligiran ito ng mga nilalang sa karagatan na kawangis at/o kahugis ng butò. Tinatawag itong mga *sea cucumber* (larawan 10), isang nilalang na bahagyang may balahibo, malambot, at malayang lumalangoy-langoy sa katubigan. Kadalasan itong tinatawag ng mga Cebuano bilang *hañin-án* (Blust & Trussel, 2010). Bagaman mayroong 1,200 *species* ng mga *tripang* sa buong mundo, ang pinakamalaking kanlungan ng mga ito ay nasa Timog Silangang Asya (Andaya, 2006, pp. 675-676). Sa ngayon, Pilipinas ang bansang may pangalawang pinakamalaking iniluluwas na produktong *tripang* sa mundo (Romero & Cabansag, 2014, p. 25).¹⁸

Larawan 10

Sea cucumber na hugis butò



Ito ang makikitang palangoy-langoy sa paligid ng Isla ng Nalusuan (Bitlanders, 2015)

18 Ayon kay Choo (2008), ang produksiyon ng *sea cucumber* ay laganap sa iba’t ibang lugar sa Pilipinas—Bolinao, Bani, at Alaminos, Pangasinan; San Fernando, La Union; San Vicente, Cagayan; Masinloc, Zambales; Polillo Island, Quezon; Calatagan, Batangas; Cebu; Negros Occidental; Surigao del Norte; South Cotabato; Tawi-Tawi, Sulu; Mangsee Island, Palawan sa Spratly Island; Apid, Digyo, at Mahaba sa Inopacan, Leyte; Cataban Island; Danao Bay, Misamis Occidental; at mga tagapagsuplay ng trepang sa Maynila katulad ng Tacloban, Leyte; Polillo; at Ambos, Camarines (pp. 121-122). Isang Proto-Western Malayo Polynesia ang tripang na laganap bilang **balát* (Blust, 2002, p. 131). Para kay Blust (2002), na *least stable term* ang tripang dahil kakaunti lamang ang gamit at/o pakinabangan nito bilang pagkain:

Faunal terms, like other parts of the lexicon, vary considerably in stability. Some meanings, like ‘fish,’ ‘stingray,’ ‘shrimp/lobster,’ or ‘octopus’ are relatively stable, while others, like ‘jellyfish,’ ‘sea cucumber,’ ‘starfish,’ ‘triggerfish,’ or ‘surgeonfish’ are not. As a rule, the most stable terms appear to correlate either with economic advantage or danger to humans, because these are the factors that would produce a salient relationship. By contrast, the least stable terms are often harmless animals that have relatively little importance as sources of food or other raw material (p. 134).

Larawan 11

Sea Cucumber sa Timog Silangang Asya



Ang tripang/trepang ay salitang laganap at/o karaniwan sa Indonesia; ang balat* sa Pilipinas; at gamat sa Malaysia (Akamine, 2017)

Hindi pa rin maikakaila ang kalaganapan ng pagpapakahulugan sa tripang na iniuugnay pa sa butò. Sa ibang bahagi ng Asya, lalo na sa mga may kaugnayan sa kalinangang Austronesyano, tinatawag itong *trepang*, *balate*, *namako*, at *bechedemer*.¹⁹ Gayumpaman, katulad ng paliwanag ni Blust (2002) sa **balát*, si Akamine (2017) ay nagsabing laganap sa Pilipinas ang mga terminong *balat*, *balatan*, at *bat*²⁰ para sa tripang, dahil ang tripang ay ginagamit lamang sa Indonesia samantala *gamat* naman sa Malaysia (Akamine, 2017, p. 155) (larawan 11). Ngunit, ang *gamat* ay ginamit din kapwa sa Pilipinas, Indonesia, at Malaysia upang tukuyin ang ibang *species* ng tripang partikular na ang *Stichopus horrens*, makulugong *sea cucumber* (larawan 12) at *Stichopus hermanni* (*curryfish*) (larawan 13) (Akamine, 2017, p. 155). Sa Malaysia, ang *gamat* ay hindi lamang ginagamit bilang tawag sa dalawang banggit na *species*, ngunit *gamat* ang tawag nila sa lahat ng mga *sea cucumber* (Akamine, 2017, p. 155).

¹⁹ Ito rin ang produktong namagitan sa mga Makassarrese at hilagang Australia (tingnan Blair & Hall, 2013, p. 205; Schapper, 2021, p. 435) na tumagal at gumulang noon pang 1720 hanggang 1906 o 1907 (Clark, 2013, p. 159).

²⁰ Ang *balat* ay nagsisilbing salitang-ugat. Dinagdagan ng hulaping *-an* = *balat-an* (*balatan*). Pagkatapos, ang pumapagitnang katinig na *l'* ay matatanggal habang magiging mahaba ang bigkas ng *'a'* = **baat/ba:t*—kaya sa ponolohiyang Sama ang orihinal na kahulugan ng *balat*, *balatan*, at *bat* ay balat (*skin* o *shell*) (Akamine, 2017, p. 155).

Larawan 12

Stichopus horrens



Makulugong tripang na matatagpuan sa Timog Silangang Asya (Mohsen & Yang, 2021)

Larawan 13

Stichopus hermanni



Tinatawag din ito bilang curryfish. (Wild Fact Sheets, 2020)

Ayon kay Warren (1981/2017), matatagpuan ang tripang sa karagatan ng Sulu at Celebes. Noon pang dantaon 19, ito na ang ikinabubuhay ng mga mangingisdang malapit at/o nasa isla ng Pangutaran, Panducan, Siassi, Tawi-Tawi, Sitangkai, at lalo na ng mga Samal Bajau Laut (p. 69).²¹ Para sa mga Sama ng Isla ng Togean sa Gitnang Sulawesi, Indonesia, ang tripang ay tinatawag na *boto pendaga* o *trader's penis* (Lowe, 2003, p. 122). Samantala, sa Kanluran, tinawag ito bilang *cazzo di mare* (*marine's penis*) (Eurofish International Organization, 2020, para. 3). Nalalapit ang katangian ng tripang sa butò. May kakayahan itong naglalabas ng mala-likidong kulay puti (larawan 14) na pinagkakamalian at/o pinagkakamalang “tamod ng

²¹ Hinuhuli at/o sinisisid nila ang mga tripang upang kainin, iproseso, at ibenta sa pamilihan. Sa katunayan, ito ang malawakang produktong iniluluwas ng mga taga-Sulu sa Maynila at lalo na sa mga Tsinong ginagamit ang tripang bilang rekado sa pagluluto (Warren, 1981/2017, pp. 60, 70).

tripang.”²² Dahil sa pagiging hugis butò nito, itinuring din itong *aphrodisiac* sa Timog Silangang Asya (Syal, 2021, para. 5).

Larawan 14

Putting likido sa tripang



Bilang depensa ng tripang, nagpapasirit ito ng puting likido galing sa kaniyang puwitan.
(Crazy Creatures, 2021)

Bagaman nabanggit nina Blair at Hall (2013) ang halaga ng tripang sa “Malay Road” sa Timog Silangang Asya at Australia, hindi nila naisipi ang ginampanang papel ng Pilipinas sa kalakalang ito gayong inilakip nila ang Pilipinas sa mapa (larawan 15). Ayon sa kanila, ang kalakalang tripang na nagmumula sa Australia ay tumatawid sa Timor Sea at Indonesia hanggang makarating sa Silangang Asya partikular na sa Tsina (p. 210).²³ Kung gayon, ang kawalan ng pagbanggit nina Blair at Hall (2013) sa bahagi ng Pilipinas sa tripang ay tinugunan nina Warren (1981/2017) at Sutherland (2000). Ayon sa Gazetteer of Xiamen, ang mga barkong naglalaman ng mga produktong tripang sa Amoy ay nanggaling sa Maynila at Sulu noong 1735, 1755, 1782, at 1783 (Sutherland, 2000, p. 85, note 29).

Sa Tsina, na mula sa Pilipinas, ang tripang ay ginagawang gamot. Tinawag nila ang tripang bilang *hai nan zi* = dagat (*hai*) at lalaki (*nan zi*) dahil sa pagiging hugis butò nito. Ginagamit ito bilang pampainit ng katawan, pagpapaganda ng daloy ng dugo, at higit sa lahat, pampatigas ng

22 Ngunit ang totoo ay hindi ito isang tamod ngunit isang lamang-loob [na malamang isang bituka] na inilalabas mula sa puwitan upang maging depensa sa mga umaatake ng hayop (Crazy Creature, 2021). Nagtatalik ang mga tripang ngunit sa paraan ng *external fertilization*, kung saan naglalaman ng itlog ang babae at tamod naman ang lalaki, kusang magtatagpo ang kanilang mga inilabas na likido upang bumuo ng mga anak (Eurofish International Organization, 2020, para. 3).

23 Noong dantaon 17, tumindi ang pangangailangan ng mga Tsino sa mga produktong tripang, lalo na ang pinatuyo at pinausukang tripang na karaniwang nanggagaling sa Makassar. Ipinagpalagay din na noong dekada 1770, tumutungo ang mga barkong pangkalakalan sa Xiamen at Amoy upang mangolekta ng tripang sa Makassar (Blair & Hall, 2013, pp. 210-212).

butò (Akamine, 2017, p. 152). Tinawag din bilang *hai-sen* o *sea ginseng* ang tripang na lumabas sa tala noong dantaon 16 sa *Shih-wu pet-tsao*, na nagsabing pinahalagahan ang tripang sa kagamitang medikal (Adhuri, 2013, p. 183). Ang pagiging *ginseng of the sea* (Akamine, 2017, p. 152), ng tripang—literal na inihalintulad sa *ginseng* na isang halamang-ugat na hugis butò ay ginamit din bilang herbal na gamot sa Silangan at Timog Silangang Asya. Ginagawa ring gamot ang *ginseng* sa *erectile dysfunction* o ‘di pagtigas at/o pagtayo ng butò (Griffin & Juber, 2022, para. 9). Ang ganitong ugnayan ng butò at halaman ay makikita rin sa Pilipinas (Tugano, 2025f).

Larawan 15

Ruta ng kalakalan sa tripang



Mula Makassar ang tripang ay dinadala sa hilaga (Tsina) at timog (Australia). Kapansin-pansin na isinama ang halaga ng Pilipinas sa kalakalan. (Blair & Hall, 2013)

4. Butò bilang Buwaya

Malalim ang naging pag-aaral ni Reyes (2010) ukol sa kahulugan ng reptilya sa lipunang Pilipino. Bagaman kabaong, kamatayan, at paglilibing ang kaniyang naging tuon sa Banton, Romblon, nabanggit din niya ang mga disenyong *ulo-ulo* at *ulo-tao* (Reyes, 2010, pp. 77-79). May pag-iisa ang tao-at-hayop (*i.e.* kambal ahas o *tawak*) kaya sasapat nang sabihing magkaugnay at/o iisa ang tao at buwaya batay sa pagpapakahulugan ng mga salaysaying bayan. Para sa ilang Novo Vizcayano, may dalawang kahulugan ang buwaya. Sa unang banda, iniuugnay ng mga Ilongot (o Bugkalot)²⁴ ang buwaya sa “mararahas” na uri ng kamatayan. Sa tuwing may nabibiktimang Ilongot ang buwaya, naglukuksa ang buong bayan at sabay-sabay nilang hinahanap ang bangkay at ulo ng biktima. Habang naghahanap, ang mga kaanak ay sumisigaw at tumatangis (*todos son gritos, ayes, y clamores de los parientes*) (Dizon, 2015, p. 25). Sa kabilang dako, maiuugat sa kanilang mga *dimolat* (kuwentong bayan) (Lasam, 1999, p. 78), na itinuturing ng mga Ilongot ang buwaya bilang biyaya.

Noon pa man, ang mga Ilongot ay naninirahan sa kabundukan ng Sierra Madre. Medisinal ang kapakinabangan ng buwaya sa mga pangkat-etniko sa Nueva Vizcaya. Matagal na ang paniniwalang ito. Ito ay bago pa man matuklasan ng Kanluraning siyensiya na ang tamod ng buwaya ay nakarereresolba sa pagiging baog ng isang lalaki (*male infertility*).²⁵ Kung para sa mga kontemporanyong Ilokano at Ibanag, katulad ng mga Moro, pinapatay ang mga buwaya sa paniniwalang mapaminsala itong kumakain sa kanilang mga alagang manok at baboy, para naman sa ilang katutubo ng Sierra Madre, ang buwaya ay gamot para sa hika. Ito ang dahilan kung bakit sa mga tradisyonal na panggagamot ng mga Pilipino ay iniihaw ang butiki upang makuha ang katas nito. Gayundin ang pagkain sa pagong, bilang mga lunas sa hika (o kahirapan ng paghinga) (Reyes, 2010, pp. 149-150). Kongklusyonal na ipinanukala ni Reyes (2010) na ang paniniwala sa pagkain ng mga laman at/o katas mula sa reptilya tulad ng buwaya, butiki, at pagong ay manipestasyon ng kaluluwa (paghinga), *umalagad*, at *abian* (p. 151).

24 Para kay Rosaldo (2003), mas angkop na tawagin ang grupong ito bilang Ilongot at Bugkalot at hindi bilang mga Abaca, Italon, at Ibilao (pp. 108-109).

25 Hindi kultural ang ibig sabihin dito ngunit isang siyentipikong laboratorikal. Bagaman sa kaso ng Australia, pinag-aralan ng University of Queensland School of Agriculture and Food Sciences na ang tamod ng buwaya ay napatunayang *mature* pa rin pagkatapos nitong lumabas mula sa butò. Gamit ang mobilidad at estruktura ng tamod ng buwaya ay mapag-aaralan na rin ang tamod ng isang tao (Baglot, 2016, para. 1-2).

Larawan 16

Butiki at butò



Sa Vanuatu, makikitang magkaugnay ang butiki at butò sa usapin ng patay. (Buhler *et al.*, 1962)

Sa ilang lipunan, magkaugnay ang buhay-at-kamatayan. Kaya nga't kalimitan ding símbolo ng mga libingan ang anomang reptilya. Sa Ambrym, New Hebrides, Vanuatu, may anito na gawa sa kahoy ang itinatayo sa tuktok ng bahay bilang paggalang sa mga ninunong namayapa. Nakitaan ito ng butò na naaanyoan ng isang butiki o reptilya (larawan 16) (Buhler *et al.*, 1962, pp. 137, 159). Bibihirang direktang itumbas ang reptilya at butò ngunit sa wikang Tuamotuan, Pa'umotu o Paumotu ng Polynesia-Tahiti ang **kak'ak* o butiki ay nangangahulugan ding *phallus* (butò) (Schumacher, 1966 sinipi sa Wisdom Library, n.d.). Ayon dito, "*penis appears metaphorically related to the Polynesian word for lizard (moko or hokai), having cultural connotations connected to phallus symbolism in Tuamotuan* (Wisdom Library, n.d.)." May presensiya rin sa mga Tucano Indian ng Colombia partikular na sa mitolohiyang Desana. Ayon dito, ang *Plica plica* o *arboreal lizard* ay itinuring bilang *vai-mahse* o "Panginoon ng mga hayop" sa unang banda at simbolo para sa butò sa kabilang dako (Bohme, 1983, p. 148).

Hindi nawala ang butò ng buwaya bilang lunas sa karamdaman. Liban sa pagiging gamot sa hika, ginagamit din ang kaliskis nito bilang talisman sa pagsasabong ng manok. Ayon kina del Ploeg *et al.* (2011), ang butò mismo ng buwaya ay ginagawang *aphrodisiac*, isang bagay na nakapagpapataas ng init sa katawan (kalibogan) (p. 253). Gayumpaman, hindi dinetalye nina del Ploeg kung ano ang ginagawa sa butò ng buwaya, kung ito man ay kinakain o ginagawang likido. Mas pinaniniwalaan ko ang unang bagay. Ito ay dahil sa kulturang Pilipino, talamak din bilang *aphrodisiac* ang putaheng kung tawagin ay *Soup No. 5* na mula sa butò at

testikulo ng baka (Merano, 2019, para. 1). Katulad ng baka, kinakain din ang butò ng buwaya sa mundong Austronesyano. Sa Teritip Crocodile Farm sa Balikpapan, East Kalimantan, Indonesia, inihahalo ang butò at testikulo ng buwaya sa isang banga ng sawsawan (Belinda, 2015).

Larawan 17

Tangkur buaya



Isang aphrodisiac na may kaugnayan sa buwaya na matatagpuan sa Saparua, Ambon, Indonesia. (Santoso, 2022)

Sa isang *wayang (wajang)* na “Wayang Kancil” nina Ananto Wicaksono at Ledjar Subroto (2012/2016),²⁶ kuwento ito ng bidang si Kancil na tumalo sa buwaya at kinuhanan niya ng kapangyarihan mula sa butò. Ipinakita roon ang paggamit sa *tangkur buaya* (larawan 17) o isdang buwaya at/o butò ng buwaya bilang *aphrodisiac* na sinasabing mas mabisa pa sa *kuku bima*²⁷ (Wicaksono & Subroto, 2012/2016) at *viagra* (Santoso, 2022, para. 1). Tinatawag din itong *bajulan* na laganap sa Saparua, Ambon, Maluku. Ang *tangkur buaya* ay katulad din ng *tangkur kuda* na ginagamit din bilang *aphrodisiac* sa Indo-Australia at Micronesia (Santoso, 2022, para. 3).²⁸

26 Ang *Wayang Kancil* ay naglalaman ng tatlong kuwento. Tungkol ito sa katapangan at kabayanihan ni Kancil. Ang unang kuwento ay tungkol sa pagtulong ng baka sa buwaya ngunit tinangka ng huli na kainin ang baka. Sa ganitong pagkakataon dumating si Kancil. Tungkol naman sa pagligtas ni Kancil sa balyenang aksidenteng dumaong sa lupa at ibinalik muli sa karagatan upang mabuhay ang nilalaman ng ikalawang kuwento. Samantala, ang huling kuwento ay tungkol sa pagsira ng higitang kulay berde sa kagubatan. Nilalang ni Kancil na nalalapit na ang paggunaw ng mundo kung kaya iminungkahi niya sa higante na malalimang maghukay sa lupa na kagayat naging patibong at/o kulungan para sa higitang nalinlang (Wicaksono & Subroto, 2012/2016).

27 Isang *brand* ng *energy drink* sa Indonesia.

28 Gayundin sa Malaysia na kumakain din ng butò at testikulo ng buwaya (Cruise, 2015, para.

Ang ganitong eskema ng kaugaliang Austronesyano ukol sa ugnayang butò-at-buwaya ay mababakas din sa mga Ilongot. Kinaugalian ng mga Ilongot ang kumuha ng mga gamot mula sa katas ng mga hayop at halaman. Partikular na sa mga Bugkalot ng Talbec sa Dupax del Sur, Nueva Vizcaya, sa tuwing nagkakaroon sila ng *sinambongolan* o pamamaga ng butò, pinapahiran nila ito ng katas mula sa dahon ng *pinagototan* (Sia *et al.*, 2002, pp. 19, 24; Yodisphere, 2022).

5. Butò bilang Ahas

Kadalasan ang pag-uugnay sa butò at ahas. Kung hindi man, sa iba pang kawangis nitong hayop katulad ng linta. Sa mga kaugnay na pamayanan ng Pilipinas, halimbawa ang mga Iban Dayak ng Borneo, mayroon silang katutubong paniniwala ukol sa linta. Para sa kanila, ang linta ay isang phallikong espiritung mapaminsala sa kababaihan at umaatake sa kababaihan (Robarchek, 1987, p. 277). Ani Robarchek (1987), “*leech is a sanguiverous worm; worm and snake are closely connected in unconscious thought; the worm is a male sexual symbol and a death symbol; and the leech is associated* (p. 277).” Gayumpaman, mas bibigyang-tuon sa bahaging ito ang ahas.

Nabanggit ang representasyon ng dragon at bakunawa bilang simbolo ng butò na masasalamang lalo na sa mundong Indo-Malay at Austronesyano. Ayon sa maagang pag-aaral ni de Souza (1964), may tatlong posibleng pinagmulang paniniwala ang kaugnayan ng butò at ahas. Una, sa sinaunang Mesopotamia. Ikalawa, sa Gresya dulot ng presensiya nito sa *caduceus* ni Hermes. Ikatlo, sa sinaunang India dahil sa mga *nagakals* o ukit sa bato (*stone carving*) na iniugnay ang ahas sa *procreation* (de Souza, 1964, p. 107). Gayumpaman, laganap din ang ganitong simbolismo sa lipunang nabihag ng mga Austronesyano. Mula sa mga nabanggit na pag-aaral nina Hooykaas (1956) at Blust (2000) ukol sa ugnayan ng bahaghari-dragon-at-butò, pinatutunayan nito ang sinabi nina Hood at Kimbrough (1995) na “*recognizing the serpent as a phallic symbol helps to explain many myths associated with serpents. For instance, a wide variety of myths associate serpents with water* (p. 315).”

Makikita sa kontekstong Pilipino ang ugnayan ng butò at reptilyang katulad ng ahas ngunit isang utang-na-kaalaman ang handog ng malalim na pag-aaral dito ni Reyes (2010). Ayon sa kaniya, ang mga reptilya ay laging kasa-kasama ng mga Pilipino sa buhay na siyang

1, 9). May kaugnayan din ang pagkain sa butò ng buwaya sa matandang paniniwala ng India. Ayon kay Wujastyk (2004), nakasalig sa *Ayurveda* o ang sinaunang panggagamot ng India ang paghahalo ng karne at mga tradisyonal na halaman bilang gamot at pagkain. Para sa sinaunang manggagamot na si Charaka (Caraka), gamot sa ‘di pagtigas ng butò (*impotence*) ang pagkain ng tandang (manok) na iprinito sa tamod ng buwaya (p. 833).

masasalamin sa mga salaysaying bayan.²⁹ Mayroon ding euphemismo ng *butò* o *sawa* sa pagkuha ng pagkabirhen (*virginity*) ng isang babae, katulad ng isang kuwentong Tagalog, ang tungkol kina Juan del Mundo de Austria at Prinsesa Maria (Eugenio, 2001a/2006, pp. 118-119).³⁰ Sa katunayan, kung babalikan ang mga akda ni Alcina (1668a/2002a, 1668b/2002b), mapatutunayang isang *humalagad* ang ahas sapagkat ginawa rin itong disenyo ng mga *karakowa* (larawan 18), isang bangkang nadidisenyohan ng naga o serpiyente (Lasco, 2014, p. 149) o ‘di kaya ng ahas-usa at mala-dragon (Salazar, 2004, pp. 191-193), ang ulo o harapan ng bangka (*proa*). Nagsisilbing gabay ang bangkang ito sa pangangayaw at/o paglalayag ng Kabisayaan. Gayumpaman, sa mga salaysaying bayan ang mga ahas ay pawang mga lalaki.³¹


29 Ang reptilya ay maaaring maging isang *umalagad*, *tonong*, at *anting-anting* (Reyes, 2010, pp. 147-163). Kaya nga kalimitang makikita sa paniniwalang Pilipino ang ugnayang ng tao-at-ahas—i.e. kambal-ahas. At kalimitan din itong makikita na kakambal at/o kasa-kasama ng kalalakihan. Kung hindi bilang anting-anting, ito ay kasa-kasama sa kapanganakan. Ito ay pinatunayan ni Fray Francisco Ignacio Alcina nang isinulat niya ang *Historia de las Islas e Indios de Bisayas* (1668a, 1668b). Si Alcina ay 22 taong gulang nang makarating sa Pilipinas mula España. Ginugol niya ang 42 taon sa Pilipinas ngunit 36 taon dito ay sa Bisayas. Umalis noong 1670 si Alcina papuntang Maynila pagkatapos ng kaniyang misyon bilang Rektor ng Catbalogan, Samar. Ang tomo ng mga ulat ni Alcina ay natuklasan ni Juan Bautista Muñoz, tagapagtatag ng *Achivo de Indias* noong 1784 sa Real Sociedad Medica de Sevilla (Kobak & Gutierrez, 2002, pp. xv, xxi-xxii). Ayon kay Alcina, kadalasang ipinapanganak ang isang lalaki kasama mismo ang mga ahas na para sa ilang kababaihan, ito ay isang kamalasan. Habang nakadestino si Alcina sa Borongan, may isang babaeng katutubo ang nanganak sa Calbiga, isang batang lalaki na may kasamang *bitin* o *halas* (ahas). Ayon sa salaysay, ang ahas ay kasinglaki ng hintuturo at kulay pula ang ulo hanggang sa baywang samantalang itim naman ang kalahati. Ang ganitong pangitain ay ikinabahala ng Ina ngunit para sa nakararami ang ahas na ito ay isang *humalagad* (*agad/alagad* o *alaragad*) o tagapagbantay at tagasunod sa sanggol (Alcina, 1668a/2002a, pp. 247, 249, 531-532) o sa ibang konsepto, *kambal-ahas* (Rudolph, 1988). Ang pinakamalaking *halas* ay tinatawag na *sawa* o *sava* (boa) na may kakayahang kumain ng isang kalabaw, baboy, usa, at tao (Alcina, 1668b/2002b, pp. 167, 180). Kaya mauunawaan ang kadalasang bansag sa *butò* ay *sawa* (i.e. *napakalaki ng iyong sawa* = *napakalaki ng iyong butò*) o kung minsan *cobra*. Nabanggit din ni Reyes (2010) ang tungkol sa bayaning si Francisco Dagohoy. Nang kapanayamin ni Reyes (2010) ang historyador na si Vicente Villan, ipinaliwanag nito ang halaga ng *trabungko* o tampok na anting-anting ng Kabisayaan. Nakakuha raw si Dagohoy ng anting-anting mula sa ahas lalo pa sa paniniwala ng mga sinaunang Pilipino, ang noo ng ahas ay mayroong butas kung saan nakalagay ang mahiwagang bato. Batay sa salaysay, naagaw ni Dagohoy mula sa ahas ang bato at ginawang anting-anting kaya tumagal ng 85 taon ang rebelyong Dagohoy sa kadahilanang siya ay naglalaho, maliksing kumilos, at hindi tumatanda (pp. 157-158).

30 Ayon sa kuwento ng mga Tagalog, may isang hari noon na may malubhang karamdaman at tinanong ang kaniyang tatlong anak na sina Prinsesa Clara, Prinsesa Catalina, at Prinsesa Maria kung sino ang nagnanais pakasalan ang isang ahas. Mababanggit ni Prinsesa Clara: *sasaksakin ako ng sawa hanggang sa ako ay mamatay, bago ko pa maibigay sa sawa ang aking pagkabirhen*. Si Prinsesa Catalina: *bubugbugin ako hanggang mamatay ngunit hindi ko ibibigay ang aking pagkabirhen sa sawa*. Kaya si Prinsesa Maria ang nagtiis na pakasalan at samahan ang sawa at/o ahas sa kagubatan na kalaanan ay isa pa lang matipunong Prinsipe (sinipi sa Eugenio, 2001a/2006, pp. 118-119).

31 Puro lalaki rin ang mga ahas sa kuwentong Ilokano sa San Fernando, La Union, ang ahas bilang katulong (Eugenio, 2001a/2006, pp. 156-158) at ahas bilang mamamatay-tao sa kuwentong Cebuano (Brillo, 1917, pp. 1-10) at kuwentong Ilokano (Eugenio, 2001a/2006, pp. 296-299). Para sa mga

Larawan 18

Karakowa na may hugis ahas o dragon ang proa o uluhan



Sinisimbolo ng ahas ang pagiging humalagad o gabay ng mga tao sa pangangayaw at paglalayag.
(Lasco, 2014)

Menuvu ng Bukidnon, mahalaga ang ginampanang katauhan at kabayanihan ni Agyu. Batay sa kanilang *gugud** (isang naratibong prosa), naghahanap noon si Agyu at ang kaniyang kapatid na si Banlak ng *iliyan* o tahanan ngunit matatagpuan nila ang Nalandangan (Unabia, 1985, p. 222). Sumakay sila (o si Agyu lamang) sa isang bangkang kung tawagin ay *sarimbar* (Samar, 2019, p. 73) upang marating ang Nalandangan. Gayundin sa isinasaad ng kanilang mga *ulaging* (*ulegingen*), na itinuturing ang Bundok Keretungan bilang “sentro ng mundo” at dito sila dinadala ng mga diwata. Mula roon ay matatagpuan ang *keluguwan* o isang pinto ng langit na kung saan pumapasok ang mga taong naging imortal (Ambrosio, 2010, p. 72).

* Iba ang *gugud* sa *ulaging* sapagkat ang huli ay inaawit sa anyo ng mga berso, gamit ang lumang wika ng mga Binukid. Samantala ang *gugud* ay prosa at/o malaya na may kuwentong tukoy ang mga tauhan, lugar, at simbolismo (Unabia, 1985, p. 205).

Larawan 19

Agyu at Banlak sa kanilang ilian



Ang mundo ng mga Menuvu ay sinusuportahan ng isang ahas na si Intumbangol. (Clark, 2018)

Lalo na ang mga naging “tagabantay” ng mundo. Halimbawa, sa pagtatayo ng *iliyan* ni Agyu ng mga Menuvu ng Bukidnon ay naroon ang lalaking ahas na si Intumbangol (larawan 19) na siyang responsable upang suportahan ang daigdig at pasimulan ang lindol kung kaniyang nanaisin (Clark, 2018, para. 13). May isa pang bersiyon ang mga Menuvu lalo na sa mga nakatira sa Ilog Argawan at Hibung, kasama ng ahas ang isang Diyosa ng bigas at/o pag-aani na si Dagau (Clark, 2018, para. 14). Kaya malinaw sa mga hinalimbawang salaysaying bayan na ang ahas ay isang lalaki kung kaya madali itong maihalintulad sa isang butò. Sang-ayon din kay Clark (2018):

The snake is phallic, but also can be seen as androgynous, which I find to be the case with many Philippine myths. It should be noted that it may simply be the English language re-telling of serpent and moon-eater myths that distinguish them as he or she (akin ang diin) (para. 12).³²

Naiugnay din ang ugnayan ng butò at ahas sa usaping kababaihan. Nabanggit ko ito sa isang pag-aaral (Tugano, 2025e, pp. 64-66) kung saan sinipi ang mga paliwanag ng ilang

³² Tingnan bilang halimbawa ang obserbasyon ni Ocampo (2013, pp. 67-68) hinggil sa “ahas” na panaginip ni Rizal. Batay ito sa tinuran niyang “own amateur psychology” kung bakit aniya homoseksuwal si Rizal.

Kanluranin (Flugel, 1924; Ferenczi, 1926; Jones, 1931; Coriat, 1941) tungkol sa *Medusa Complex* o ulo ni Medusa o Gorgo na isang *female genital region* o bilang *external female genital* at *faecal fertilizing condensation*; ang *castration complex*; at marami pang iba. Tiningnan ang babae sa ganitong konteksto na may konotasyon ng inferioridad. Kung kaya’t bilang pagtaas sa pagkababae ng ahas, iniugnay ng nasabing pag-aaral (Tugano, 2025e, pp. 64-66) ang ahas sa kalinangang Pilipino—sina Valentina na katumbas ni Medusa at si Oriol ng Ibalon, isang epikong Bikolano, bilang larawan ng pagtatalaban o di kaya, pagsalungat ng kababaihang Pilipino sa paghahari ng butò. Samakatuwid, pinatotohanan lamang sa bahaging ito na ang ahas ay naging simbolo at subliminal ng butò.

KONGKLUSYON

Panimulang sinagot ng pag-aaral na ito ang karaniwang pag-uugnay at paglikha ng kamalayan at guning-diwa ng mga Pilipino sa butò at sa mga hayop katulad ng ibon, isda, *sea cucumber*, buwaya, at ahas. Patunay lamang na ang korporealidad ng katawan at pangangatawan ng tao bilang pagpapakatao ay iniugnay sa biswal na kalikasan katulad ng mga hayop.

Liban sa mga *sea cucumber* (*tripang*), ang butò ay kadalasang iniugnay sa *tamilok* o *penis-fish* at sa mga isdang laganap sa Timog Silangang Asya at Indo-Malay katulad ng *cigar wrasse* na tinawag bilang *Titing Kastila*. Ang paglalapit ng butò at isda ay nasasalamín at/o hinango mula sa pisikal na katangian ng mga ito, bilang mahahaba at halos kawangis ng isang butò. Katulad din ng mga *flatfish* na tinawag ng mga Pilipino bilang *tampal puke* na iniugnay ko sa umiiral na *vagina slapping* sa ilang lipunan. Gayundin ang elementong phalliko na bumabalot sa ugnayan nito sa buwaya na bagama’t hindi tahasang sinasabing katulad ito ng butò ngunit napag-alamang laganap din ang katangian nito bilang *aphrodisiac*.

Tinuldukan ang matagal na pag-uugnay sa butò at ibon, halimbawa ang pagtawag dito bilang “birdie.” Pinatunayan ng pag-aaral ang nagtatagpong katangian ng mga ibon, mitikal man o hindi, at ng butò. Liban pa, itinatapat dito ang pagsasabong bilang *homoerotic masturbatory phallic duel* na laganap sa Pilipinas at Austronesyano. Sinalungguhan din ang simbolismo ng butò sa ahas na tunay ngang isang phalliko. Mula sa mga inilatag na salaysaying bayan, ‘di rin nakalimutan ang pagkababae ng ahas bilang kapantay o kontra-diskurso ng butò. Bagaman hiniram sa bahaging ito ang *Medusa Complex* bilang paglalarawan ng Kanluran sa mga polyphallikong buhok ni Medusa bahagyang nagkakalayo rito ang mga babaeng ahas ng mga Pilipino. Liban siyempre kay Valentina na halos katulad ni Medusa, higit na mahalaga ang katauhan ni Oriol na isang babaeng ahas sa epikong Bikolano. Hindi lamang bilang kaaway ngunit naging kaagapay kinalaonan sa pagbubuo ng panahanan at agrikulturang Bikolano.

Posibleng may ilang hayop pa ang maaaring nakaligtaan na iugnay sa phallikong simbolismo ng mga Pilipino ngunit magsilbing bukas-diwa sana ang pag-aaral na ito na magkaroon ng interes ang mga susunod na pananaliksik na tuklasin at pahalagahan ang saysay ng mga hayop sa kasaysayan at kalinangang Pilipino.

REFERENCES

- Abinales, P. (2012). Let them eat rats! The politics of rodent infestation in the postwar Philippines. *Philippine Studies*, 60(1), 69-101.
<https://doi.org/10.13185/2244-1638.1410>
- Adhuri, D.S. (2013). Traditional and 'modern' trepang fisheries on the border of the Indonesian and Australian fishing zones. Nasa M. Clark & S. May (Eds.), *Macassan history and heritage: Journeys, encounters and influences* (pp. 183-204). Australian National University Press.
- Agence France-Presse. (2012, August 29). 'Penis-head' fish discovered in Vietnam. Rappler.
<https://www.rappler.com/world/11425-penis-head-fish-discovered-in-vietnam/>
- Aguila, R. (2010a). Ang usapin ng seks sa panitikan. Nasa N. Ocampo (Ed.), *Paghigugma-anan: Romansa at pagniniig sa kasaysayang Pilipino* (pp. 7-13). Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan (ADHIKA) ng Pilipinas, Inc. at National Commission for Culture and the Arts.
- Aguila, R. (2010b). Seksuwalidad sa Florante at Laura. Nasa N. Ocampo (Ed.), *Paghigugma-anan: Romansa at pagniniig sa kasaysayang Pilipino* (pp. 77-85). Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan (ADHIKA) ng Pilipinas, Inc. at National Commission for Culture and the Arts.
- Akamine, J. (2017). The role of Sama/Bajaus in sea cucumber trades in the Sulu Sultanate economy: Towards a reconstruction of dynamic maritime history in Southeast Asia. Proceedings of the International Conference on Bajau-Sama' Diaspora & Maritime Southeast Asian Cultures. Kota Kinabalu, Sabah, Malaysia. *Sabah Museum Monograph*, 13, 151-163.
- Alcina, F.I. (2002a). *History of the Bisayan people in the Philippine island: Evangelization and culture at the contact period. Historia de las Islas e indios de Bisayas...1668 por Ignacio Francisco Alcina, S.J. Volume II*, C. Kobak & L. Gutierrez (Eds. &Trans.). UST Publishing House. (Original work published 1668a).

- Alcina, F.I. (2002b). *History of the Bisayan people in the Philippine island: Evangelization and culture at the contact period. Historia de las Islas e indios de Bisayas...1668 por Ignacio Francisco Alcina, S.J. Volume III*, C. Kobak & L. Gutierrez (Eds. & Trans.). UST Publishing House. (Original work published 1668b).
- Alejo, A. (1990). *Tao po! tuloy! Isang landas ng pag-unawa sa loob ng tao*. Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University.
- Alfonso, I.C. (2023). *Dogs in Philippine history*. Philippine Historical Association, Project Saysay, Inc. at Alaya Publishing.
- Allan, K. & Burrige, K. (1991). *Euphemism & dysphemism: Language used as shield and weapon*. Oxford University Press.
- Almario, V. (Ed.). (2001). *UP Diksiyonaryong Filipino*. Sentro ng Wikang Filipino at Anvil Publishing, Inc.
- Alves, R.R. & Barboza, R.R. (2018). The role of animals in human culture. Nasa R.R. Alves & U.P. Albuquerque (Eds.), *Ethnozoology: Animals in our lives* (pp. 277-301). Academic Press.
- Amano, N., Piper, P., Hsiao-chun Hung, & Bellwood, P. (2013). Introduced domestic animals in the neolithic and metal age of the Philippines: Evidence from Nagsabaran, Northern Luzon. *Journal of Island and Coastal Archaeology*, 8(3), 317-335.
<https://doi.org/10.1080/15564894.2013.781084>
- Ambrosio, D. (2010). *Balatik: etnoastronomiya, kalangitan sa kabihasnang Pilipino*. The University of the Philippines Press
- Andaya, B.W. (2006). Oceans unbounded: Transversing Asia across “area studies.” *The Journal of Asian Studies*, 65(4), 669-690. <https://www.jstor.org/stable/25076125>
- Arriola, F.M. (Ed.). (1993). *The body book: The Philippine reader*. GCF Books.
- Art Gallery of New South Wales. (n.d.). *Do you have a rooster, Pedro? (Adda manok mo, Pedro?) 2015-2016*. Art Gallery of New South Wales.
<https://www.artgallery.nsw.gov.au/collection/works/308.2016/#exhibitions>
- Atienza-Macaraeg, J. & Resos, A. (2023). Metro Manila: An urban breeding site for dengue disease in the Philippines. *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History*, 6(2), 30-51.
<http://talakasaysayan.org/index.php/talakasaysayan/article/view/159>

- Atonibai. (2017, April 23). *A Beginner's Guide to Nalusuan Island*. Atonibai.
<https://www.atonibai.com/nalusuan-island/>
- Baglot, J. (2016, May 5). *Saltwater crocodile sperm may hold secret to male infertility*. The University of Queensland, Australia.
<https://www.uq.edu.au/news/article/2016/05/saltwater-crocodile-sperm-may-hold-secret-male-infertility>
- Bankoff, G., Swart, S.S., & at Boomgaard, P. (2007). *Breeds of empire: the invention of the horse in southeast asia and southern africa, 1500-1950*. Nordic Institute of Asian Studies.
- Belinda, M. (2015, October 20). *Crocodiles—so big, so many teeth, and such a small, old fence!* Trip Advisor.
https://www.tripadvisor.co.nz/ShowUserReviews-g317100-d7358710-r348375689-Teritip_Crocodile_Farm-Balikpapan_East_Kalimantan_Kalimantan.html
- Berk, H. (2019). *The stigmatization of vaginal masturbation and its effect on sexual pleasure*. Honors Papers 117. <https://digitalcommons.oberlin.edu/honors/117/>
- Bitlanders. (2015, September 6). *A Sail to the Island of Penises: NALUSUAN ISLAND*. Bitlanders.
<https://www.bitlanders.com/blogs/a-sail-to-the-island-of-penises-nalusuan-island/3395380>
- Blair, S. & Hall, N. (2013). Travelling the 'Malay road:' Recognising the heritage significance of the Macassan maritime trade route. Nasa M. Clark & S. May (Eds.), *Macassan history and heritage: Journeys, encounters and influences* (pp. 205-226). Australian National University Press.
- Blust, R. (2000). The origin of dragons. *Anthropos*, 95(2), 519-536.
<https://www.jstor.org/stable/40465957>
- Blust, R. (2002). The history of faunal terms in Austronesian languages. *Oceanic Linguistics*, 41(1), 89-139. <https://doi.org/10.2307/3623329>
- Blust, R. (2008). Remote Melanesia: One history or two? an addendum to Donohue and Denham. *Oceanic Linguistics*, 47(2), 445-459. <https://www.jstor.org/stable/20542824>
- Blust, R. & Trussel, S. (2010). *The Austronesian comparative dictionary, Web Edition*. Trussel 2.
<https://www.trussel2.com/ACD/>
- Bohme, W. (1983). The Tucano Indians of Colombia and the iguanid lizard *Plica plica*: Ethnological, herpetological and ethological implications. *Biotropica*, 15(2), 148-150.
<https://doi.org/10.2307/2387961>

- Bolata, E.J. (2017). Sabungerong Indio, dayuhang manonood: Mga panlipunang pananaw at kaisipan sa pagsasabong at sabungan mula sa mga tala ng dantaon 19. *Talas Journal*, 2(1), 91-107.
<https://philippineculturaleducation.com.ph/wp-content/uploads/2019/07/talas-journal-02.pdf>
